# *Si Moises—*
# *Ang Tagapagpalaya*



Number
T-A-17

# Si Moises Ang Tagapagpalaya

BOOK DEPARTMENT LIBRARY
PACIFIC PRESS PUBLISHING ASSN.
No. T-a-17 Date
Language TAGALOG
Title STORY OF MOSES
Publisher PHIL.P.



*Ang napakagandang batang iyon na umiiyak ay nakabagbag ng puso ng prinsesa.*

# Si Moises

## Ang

# Tagapagpalaya

Robert Bruce Thurber

Philippine Publishing House
Mania, P. I.

HERITAGE ROOM
JAMES WHITE LIBRARY
ANDREWS UNIVERSITY
BERRIEN SPRINGS, MICH. 49104

The Story of Moses — Tagalog

# MGA LINALAMAN


1. SINAGIP SA TUBIG . . . . . . . . . . . . 5
2. KUNG PAPAANO NAGING ALIPIN ANG BAYAN NI MOISES. . . . . . . . . . . . 9
3. NAKAGAWA NG MALAKING KAMALIAN SI MOISES . . . . . . . . . . . . . . . . 19
4. PINABALIK . . . . . . . . . . . . . . . . 23
5. LUMABAS SA EHIPTO . . . . . . . . . . 30
6. ALALAHANIN MO ANG ARAW NG SABADO 38
7. BUMABA ANG DIOS SA BUNDOK . . . . 43
8. GINTONG GUYA . . . . . . . . . . . . . . . 51
9. ITINABOY NA PABALIK . . . . . . . . . . . 58
10. APAT NA PUNG TAON NA NAKAIINIP . . 63
11. ANG PAGKAMATAY NI MOISES . . . . . 72

# SINAGIP SA TUBIG

### *Unang Kabanata*

ISANG araw, matagal na matagal ng panahon ang nakaraan, isang batang babae ang nakaupo sa pangpang ng malaking Ilog Nilo sa Ehipto. Isang araw iyon na maaliwalas at mainam ang sikat ng araw, sapagka't sa lupaing iyon ay hindi kumakapal ang alapaap o umuulan man. Ang tanging pinagkukunan ng tubig ng mga tao roon ay ang ilog. Nang panahong nabubuhay ang batang babaeng ito ay inaakala ng mga tao roon na isang dios yaong ilog, at dinadalanginan nila, sapagka't siyang buhay ng lupaing iyon, at taon-taon bumabaha yaon, umaapaw sa pangpang ang tubig at nakakalatan ng tubig ang magkabikabilang panig ng malawak na lupain at nadidilig ang mga pananim.



*Isang batang babae ang nakaupong nagiissa sa pangpang ng Ilog Nilo.*

Nagdaraan ang oras nguni't nakaupo pa rin ang bata, at tila baga wala siyang magawa. Datapuwa't mayroon siyang gagawin noon. Sa tubig, sa malapit sa pampang ay tumutubo ang nagtataasang talahib, at nalalaman niyang natatago doon ang isang munting bangka-bangkaan na yari sa damong makapal na pinahiran ng betun at sahing. Kasing laki lamang yaon ng isang duyang maliit, at mayroong panakip. Sa bangka-bangkaang iyon ay nakahiga ang maliit niyang kapatid na lalake, na natutulog ng payapa, gaya ng pagtulog niya sa tahanan sa mga bisig ng kanyang ina.

Datapuwa't si Miriam, iyan ang pangalan ng batang babae, ay nagkunwang walang nalalaman tungkol sa batang iyon. At mayroon siyang mabuting dahilan upang magingat, sapagka't siya ay isang alipin lamang, at ang buong bayan niya ay alipin. Maraming taon pa muna bago sumapit ang panahong ito, ang kanyang bayan ay nililingap na mabuti ng hari sa Ehipto; datapuwa't nang sila ay dumami na ng dumami at nanagana, isang bagong hari ang lumuklok sa trono, na nangambang baka sila'y kumapal na mainam, anopa't kanilang agawin na ang lupain sa mga kampon ng hari, kaya nga sila ay kanyang inalipin upang sila'y huwag makaraming mabilis. Datapuwa't sila'y lalo ng dumami, kaya nga sa wakas ay nagutos ang hari na ang bawa't batang lalakeng ipanganak sa aliping bayan ay itatapon sa ilog at lulunurin karakarakang ipanganak.

Katakottakot namang isagawa ang bagay na iyon, at ginawa ng ina ni Miriam ang lahat ng paraang magagawa upang mailigtas ang kanyang sanggol. Lubos ang kanyang pagasa na ang sanggol na iyon, balang araw ay magiging dakilang tao. Sa loob ng tatlong buwan ay naitago niya sa kanilang tahanan ang sanggol, nguni't ng matalastas niyang hindi na niya maitatago pa, umisip siya ng isang panukalang mapangahas upang mailigtas

ang buhay. Hindi sila (ang mga kawal) maghahanap ng sanggol sa tubig na pinagtatapunan. Kaya nga ginawa niya ang maliit na bangka-bangkaan, inilagay niya roon ang sanggol at saka ikinubli sa mga talahib at pinapagbantay si Miriam upang maalaman kung ano kaya ang mangyayari. Marahil ay panukala rin naman niya na doon itago ang sanggol sa malapit sa pook na malimit pinaliliguan ng anak na babae ng hari.

Samantalang naghihintay si Miriam, ang prinsesa at ang kanyang mga abay ay lumusong sa ilog. Nakita nila ang maliit na bangka at binuksan. Nagising ang sanggol at nagiyak. Ang isang sanggol na magandang katulad noon na umiiyak ay nakabagbag sa puso ng prinsesa, at karakaraka'y alam niya na may inang alipin na gumawa ng gayong kaparaanan upang iligtas ang kanyang anak. Sa gayon ay ninasa niyang maging kanya ang sanggol at ipinasiyang iligtas ang buhay.

Hindi niya pinapansin si Miriam sa simula; subali't ang matalinong kapatid ng sanggol na iyon ay wala na ngang binabantayan kundi ang gayong pagkakaton. Kaya nga lumapit siya at anya:

—Yayaon ba ako at tatawag kita ng isang sisiwa sa mga babaing Hebrea na makakapagalaga sa iyo ng batang ito?

Pinayaon siya ng prinsesa; kaya nagtatakbo siyang madali sa kanyang ina, taglay ang masayang balita at saka isinama sa pampang ng ilog. Hindi na tinanong pa ng anoman at sinabi na agad ng prinsesa sa ina ng sanggol: "Dalhin mo ang batang ito, at alagaan mo sa akin, at uupahan kita."

Kaya nga kinuha ang sanggol ng tunay niyang ina, iniuwi sa tahanan, at inalagaan. Hindi lamang iniligtas ng Dios ang kanyang sanggol, bilang tugon sa kanyang panalangin, kundi pinapagbayad pa sa kanya ang anak na babae ng hari sa paggawa ng nais niyang ga-

win na higit sa ibang mga bagay,—alagaan ang kanyang sariling anak ng walang ipinangangambang kukuha sa kanya upang patayin.

Pinangalanan ng prinsesa ang sanggol ng Moises, na ang ibig sabihin ay *sinagip*, pagka't kanyang sinagip yaon sa tubig. Sa loob ng labing dalawang taon ay binabayaran ng prinsesa ang ina ng sanggol dahil sa pagaalaga rito, at pagkuwa'y dadalhin niya sa palasyo ng hari at aariing sariling anak ng prinsesa. Hindi ibig na ibigay ng tunay na ina ang kanyang anak sa gayong kabata, datapuwa't nalalaman niyang dapat niyang ibigay; kaya nga ginawa niya ang pinakamabuti niyang magagawa upang mapalaki niya sa matuwid na kaparaanan samantalang nasa kaniya ang pagkakataon. At ang matuwid na paraang iyon ay ang turuan ang bata na sumunod sa Dios ng kaniyang bayan, yaong Dios na siyang gumawa ng mga langit at lupa, at huwag sumamba sa mga dios ng mga Egipsio.

Araw araw sa loob ng labing dalawang mahahalagang taon na iyon ang bata'y nauupo sa kandungan ng kanyang ina at nakikinig sa mga kahangahangang kasaysayan ng mga magulang ng kanyang bayan. Ang mga kasaysayang iyon at ang katotohanan tungkol sa dakilang Dios ay hindi niya nalimutan kaylan man hanggang siya'y nabubuhay.



*Ginawa niya ang buo niyang makakaya upang mapalaki si Moises sa matuwid na kaparaanan.*

# Kung Papaano Naging Alipin Ang Bayan ni Moises

*Ikalawang Kabanata*

NARITO ang tunay na kasaysayan ng bayan ni Moises na sa kanya'y pamuli't muling isinaysay ng kanyang ina sa loob ng labing dalawang taon na ipinagsama nila.

May tatlongdaan at limampung taon pa muna bago si Moises ipinanganak ang Dios na siyang gumawa ng mga langit at ng lupa ay tumingin sa sanglibutang ito upang humanap ng mga taong magiging Kanya, at magsasaysay sa mga nananahan sa lupa ng tungkol sa Kanya. Ibig Niyang makakuha ng maraming tao na makukuha Siya, nguni't iisa lamang ang Kanyang nakuha, si Abram, na tumatahan sa siudad ng Ur, sa malaking kapatagang dinadaluyan ng ilog sa Asia, at may maraming taong tumatahan sa palibot niya. Mabuting tao si Abram, at sinasabi sa lahat niyang nakakausap ang tungkol sa Dios; datapuwa't dahil sa may isa pang malaking lugar na tinatahanan ng maraming tao sa kapatagan ng Nilo sa Ehipto, sinabi ng Dios kay Abram na lisanin ang Ur at tumahan sa isang lupaing tinatawag na Kanaan, na napapagitna sa dalawang malaking pook na tinatahanan ng mga tao.

Ang lupaing ito ng Kanaan ay katulad ng isang lansangan na mahaba ay makitid, Malaking Dagat ang nasa kabilang panig at sa kabila naman ay ilang. Kapag ang mga tao'y magsisilipat mula sa isang pook na matao na patungo roon sa kabila, sa Kanaan sila nagdaraan, kaya nga si Abram ay may pagkakataon doon upang maibalita sa lalong maraming tao kaysa noong una, ang tungkol sa tunay na Dios. Hindi niya nais na may maligtaan, kaya nga hindi siya tumahan sa isang bahay, na nasa isang




*Saan man siya huminto nagtayo siya ng isang dambana.*

lugar lamang, kundi samantalang siya ay nagaalaga ng mga tupa, na siya niyang gawain, tumahan siya sa mga tolda, at nagpalipatlipat sa kalaparan ng lupain. Saan mang dako siya huminto ay nagtayo siya ng isang dambana at kanyang isinulat sa pinaka pangdikit ng dambana ang katotohanan tungkol sa Dios, sa makatuwid baga'y Yaong gumawa ng langit at ng lupa sa pasimula, upang ang sinoman na pagkaalis niya'y mapaparaan doon ay matutu naman ng tungkol sa Kanya.

May masasamang tao na tumatahan sa lupaing iyon, nguni't ipinangako ng Dios kay Abraham, — sapagka't pinalitan ng Dios ng pangalang ito ang dati niyang pangalan, — na balang araw ay aariin ng kanyang mga anak ang boong lupaing iyon, at magkakaroon siya ng maraming anak na anopa't magiging katulad ng mga bituin sa langit at buhangin sa dagat ang bilang. Naniwala si Abraham sa pangako ng Dios, bagaman ng pana-

hong iyon ay wala pa siyang anak, at silang magasawa ay may katandaan na. Datapuwa't sa wakas ay nagkaroon sila ng isang sanggol, at sila'y natuwa ng gayon na lamang at tinawag nila ang sanggol na Halakhak (Isaak).

Si Isaak ay lumaki at naging mainam na kabataan; datapuwa't nang siya ay binatang binata na, sinubok ng Dios si Abraham upang tingnan kung gaanong kalaki ang kanyang pananampalataya. Sinabi ng Dios sa kanya na isama ang kanyang minamahal na anak at kanyang patayin at ihandog ang bangkay na haing susunugin sa ibabaw ng dambana. Nakapanghihilakbot gawin ang gayong bagay, bukod sa, papaano kaya na dadami ang kan yang mga anak kung gayong papatayin pa niya ang kaisaisa na niyang anak? Datapuwa't siya ay nagtiwala sa



*Papatayin na lamang ni Abraham si Isaak sa ibabaw ng dambana.*

Dios at siya'y sumunod. Kanyang isinama ang bata sa isang bundok na malayo, at halos papatayin na niya sa ibabaw ng dambana. Nguni't pinigil ng Dios ang kamay ni Abraham na may tangang patalim, at sinabi sa kanya na sapat na. Walang tao na nagkaroon ng kasing laki ng pananampalataya ni Abraham.

Si Isaak ay nagkaroon ng dalawang anak na lalake, si Jakob at si Esau. Si Esau ang panganay, at siya sa nang dapat makahalili ng kanyang ama upang magsalita sa sanglibutan ng tungkol sa Dios. Ngunit hindi niya iniibig ang Dios, samantalang iniibig ni Jakob. Inibig ng Dios na si Jakob ang maging pangulo, nguni't hindi naghintay ang binatang ito ng kalooban ng Dios. Nang magutom na mabuti ang kanyang kapatid, isang araw, pinapangako ito ni Jakob na ipagkaloob ang kanyang pagkapanganay bilang kapalit ng makakain. Walang bahala si Esau at nangako, nguni't ng malaon ay ninais niyang matamo ang pagpapala ng kanyang ama. Nang matandang matanda na si Isaak at bulag pa, dinaya ni Jakob sa pamamagitan ng pagkukunwang siya ay si Esau, at nalinglang niya ang kanyang ama upang ibigay sa kanya ang pinakamabuting pagpapala. Nagalit na mainam si Esau sa bagay na ito, kaya sinabi niyang papatayin niya si Jakob, at ang magdaraya ay kinailangang lumayas sa sariling tahanan upang iligtas ang buhay.

Tumakas si Jakob at napatungo sa isang lupain sa Silangan na tinatahanan ng ilan sa kanyang mga kamaganak, at doon ay nagtrabaho siya sa kanyang tiuhin, na nagaalaga ng mga tupa at mga baka. Mahigpit namang panginoon ang kanyang tiuhin at dinaya si Jakob na gaya ng pagkadaya naman nito sa kanyang kapatid, at pinagbago-bagong makasampu ang kanyang kaupahan sa loob ng dalawampung taon, na kinukuha ang pinakamabuting pagaari niya habang maaari. Datapuwa't pinagpala ng Dios si Jakob sapagka't ibig niyang gumawa ng

matuwid, bagaman siya ay napadaig sa tukso at nagkaroon ng pakikipagtalo sa tuso niyang tiuhin. Sa katapusan ng dalawampung taon si Jakob ay nagkaroon na ng labingdalawang anak na lalake at isang babae at mayaman na siya sa baka at sa tupa. Kaya nga ipinasiya niyang umuwi na sa sariling tahanan sa kanyang amang si Isaak.

Nang malapit na siya sa kanyang tahanan nadinig niyang darating ang kapatid niyang si Esau na may kakasamang apat na raang katao upang siya ay salubungin. Natakot siya, at hindi maalaman kung ano ang gagawin.



*Pinapangako siya ni Jakob na ibigay sa kanya ang pagkapanganay bilang kapalit ng makakain.*

Nagpauna siya ng isang kaloob sa kanyang kapatid; at saka nagiisang naparoon sa tabi ng isang ilog, isang gabi, upang manalangin sa Dios at humingi ng tulong. May isang anghel na lumapit sa kanya, at nakipagbuno siya sa anghel sa buong magdamag. Nahahanda na siyang mamatay kaysa madaig siya sa pakikipagpunyaging iyon upang daigin ang masama niyang katutubo. Sa pasimula'y hindi niya alam kung sino yaong kanyang kinalaban, nguni't nang, sa pamamagitan ng hipo ng anghel, inilinsad ang kanyang balakang, nalaman niya na nagsugo ang Dios upang siya ay subukin.. Kaya nga nangunyapit siya at namanhik na patawarin siya ng Dios at siya ay pagpalain. Sa pagliliwayway ng araw ay natamo niya ang tagumpay, at ang kanyang pangalan ay pinalitan ng Israel, na ang kahulugan ay mananagumpay. Mula-mula na noon ang kanyang bayan ay tinawag na Israelitas, o mga anak ng Israel.

Kaya nga hindi tinulutan ng Dios na siya ay saktan ni Esau, at ang magkapatid ay nagkakitang muli na may kapayapaan. Mayamang mayaman na si Israel, at ang labingdalawa niyang anak ang nagalaga ng kanyang mga tupa at mga baka. Sa lahat niyang mga anak ay iniibig niya ng higit si Jose, na siyang sinusundan ng kabunsuhan sa lahat. Gayon na lamang ang kanyang pagibig kay Jose na anopa't naging laki sa layaw tuloy at kinapootan ng ibang mga kapatid ang batang ito. Minsan ng malayo ang iba niyang mga kapatid at nagpapasabsab ng mga kawan, sinugo ng ama si Jose upang tingnan ang kanyang mga kapatid. Datapuwa't dinakip siya ng kanyang mga kapatid, inihulog sa isang balon, at pagkatapos ay ipinagbili siyang alipin sa Ehipto. Pagkuwa'y pinapaniwala ng magkakapatid ang kanilang ama na siya (si Jose) ay namatay, at totoong nalungkot ang matanda.

Sa simula'y nagkaroon ng mga kahirapan si Jose sa Ehipto; datapuwa't naging tapat siya sa lahat ng ginawa



*Nganì't hinango siya ng magkakapatid at ipinagbili siyang alipin.*

niya kaya hindi natagalan at pinagkatiwalaan siya ng lahat ng tinatangkilik ng kanyang panginoon. Sa gayon ay napasuot siya sa gusot na di naman niya kasalanan, at nabilanggo siya. Datapuwa't doon man ay mabuti rin ang kanyang ginawa, anopa't siya ay pinapangasiwa naman sa mga bilanggo. Sa wakas, sa tulong ng Dios, nangyaring maipaliwanag niya ang panaginip ng hari, at siya ay ginawang puno sa buong kaharian, na siyang pinakapangalawang hari. Ipinakita sa kanya ng Dios na darating ang isang malaking kagutom at sa loob ng pitong taon ay nagtipon siya ng mga pagkaing tatagal sa buong panahon ng

kagutom. Pagkatapos ang ilog ay hindi umapaw sa looo ng pitong taon, at hindí sumibol ang pananim, kaya nagbili naman si Jose ng mga pagkaing naiimbak, sa bayan.

Ang kagutom ay umabot din sa Kanaan, at ng kakaunti na ang natitirang pagkain ni Israel ay sinugo niya ang kanyang mga anak sa Ehipto upang bumili ng makakain. Lumapit sila kay Jose upang bumili, nguni't hindi nila kilala ito bagaman sila ay kanyang kilala naman. Nagkunwa si Joseng hindi kilala sila, at pinagpakitaan sila ng kagahasaan upang sila ay subukin. Sa loob ng mahabang panahon at sa maraming kaparaanan pinaghirap niya sila,



*Ipinasundo ni Jose ang kanyang ama upang paroon sa Ehipto at doon na tumira.*

upang tingnan kung sila kaya ay malupit ding gaya ng dati. Nguni't nakita niyang sila ay nagbago na, sila'y nagiibigan na sa isa't isa at nangalulungkot dahil sa kanilang ginawa sa kanya. Sa wakas ay napakilala rin siya sa kanila, at sila'y nagkaroon ng masayang pagsasamasamang muli. Ipinasundo ni Jose ang kanyang ama at ang mga sambahayan ng lahat niyang kapatid upang pumasa Ehipto, at pinakain niya silang lahat sa boong panahon ng kagutom.

Hindi na nagbalik ang Israelitas sa Kanaan, kundi tumira na sa Ehipto sa loob ng mahabang panahon, hanggang sa namatay si Israel, pati ni Jose at ang kanyang mga kapatid. Nguni't dumami ang kanilang mga anak at nagsipanagana ng mabuti anopa't sila'y naging isang malaking bansa na may mahigit sa isang milyong katao. Pagkuwa'y isang bagong hari na nakalimot na sa mabuting ginawa ni Jose sa kanyang lupain, ang umalipin sa kanilang lahat upang sila ay huwag ng lumagong mainam. Sa ganyan ay natupad ang pangako ng Dios na sila'y gagawing kagaya ng mga bituin sa langit at ng buhangin sa dagat. Nguni't napakatagal bago dumating ang panahon na sila'y mapalaya at makapagbalik sa Kanaan upang doon tumira, at marami na sa kanila ang nakalimot sa Kanya (sa Dios) at sumunod na sa mga gawi ng mga tao sa Ehipto sa paggawa ng masama.

Datapuwa't naalaala ng ama't ina ni Moises ang Dios at ang Kanyang pangako; at nanampalataya sila na si Moises ay siyang gagamitin ng Dios na pangulo upang ilabas ang bayan sa pagkaalipin; at sinabi nila ito kay Moises ng ito'y maliit pang bata. Nadama niya ang kalakihan ng kanyang gawain noon pa man, at tinuruan siyang maglingkod sa tunay na Dios kahi't anong mangyari, at umasa sa Kanya sa tulong na kanyang kailangan.

Nang sumapit ang araw na siya ay pupunta na sa palasyo ng hari at magiging anak ng anak na babae ng hari,

mahirap na humiwalay siya sa mabuti niyang ina; nguni't naparoon siyang may tapang, taglay ang hangad na makagawa ng dakilang gawain na pinanukala ng Dios para sa kanya, sa panahong ipaalam ng Dios.



# Nakagawa ng Malaking Kamalian si Moises

*Ikatlong Kabanata*

NAIBIGANG mabuti ang bata sa korte ng hari at pinagkalooban ng pinakamabuting mapagaaralan na mangyayaring maibigay ng Ehipto; at ng panahong iyon ang Ehipto ang pinakadakilang bansa sa sanglibutan. Walang sala na pinanukala ng tagapamahala na si Moises ay gawing hari kapag siya ay tumanda na o namatay, kaya nga ang binatang si Moises ay sinanay na katulad ng isang prinsipe sa sambahayan ng hari. Nang siya ay nagiging tunay ng lalaki ay naging marunong na marunong siya, at nagturo siya ng karunungan sa pinakamarurunong na tao sa bayang iyon. Natutuhan niya ang lahat ng bagay na nauukol sa digmaan, at ginawang pinakapangunang heneral sa hukbo.

Sinabi ng hari na si Moises ay dapat na sumamba sa mga dios ng mga taga Ehipto kung siya rin lamang ang magiging puno ng buong lupain. Datapuwa't dahil sa naalaala ng binatang ito ang itinuro sa kanya ng kanyang ina, ay hindi sumamba sa dios na iyon. Hindi ibig ni Moises na maging hari sa Ehipto kahi't na yaon ay totoong maluwalhati. Inibig niya ang kanyang sariling bayan, na nagsisigawa sa pagkaalipin sa ilalim ng mainit na sikat ng araw, at sa lahat ng sandali ay pinapanukala niyang mapatnugutan niya silang mailabas sa Ehipto upang maibalik sa Kanaan.

Ang tanging paraan na kanyang naiisip upang sila'y makaalis ay ang magsibangon silang lahat, siya ay gawin nilang puno, at makipaglaban hanggang sa makalaya. Kaya nga pinanukala niya ito na taglay ang malaking pagiingat. Nakaraan ang mga taon, at apat na pu na ang kanyang gulang. Lubos ang kanyang pagasa na dumating na ang panahon upang sila'y magsibalikwas.

Isang araw ay naglakad siya upang tingnan ang paggawa ng mga alipin na nagsisihibik sa pamalo ng mga tagapangasiwa. Sa isang lugar na walang tao ay nakita niya na ang isang Ehipsio at isang Israelita ay nagaaway. Ngayon, ang naisip niya, ay panahon ng dapat kong pasimulan ang dakila kong gawain; tutulungan ko ang aking kapatid, at siya'y yayaon upang sabihin sa aking bayan na ako'y kakampi nila; at aking papatayin ang Ehipsio, at hindi ito malalaman ng hari hanggang sa kami ay makalaya. Kaya nga pinatay niya ang Ehipsio, at saka itinago ang bangkay na inilibing sa buhanginan, at nailigtas ang Israelita sa hampas.



*Ngayon, inakala niya, ang panahon upang pasimulan ko ang dakila kong gawain.*


Kinabukasan ay lumabas na naman siya at naglakad upang tingnan ang kanyang bayan. Nakita naman niya ang dalawa niyang kababayan na nagaaway. Kaya ibig naman niyang humatol at payapain ang dalawa, na sinabi sa isa kung sino ang dapat sisihin sa pagbababag na iyon na hindi niya marapat gawin. Ang lalake ay nagalit karakaraka at ang wika:—Sinong naglagay sa iyong pangulo at hukom sa amin? Iniisip mo bagang patayin ako gaya ng pagpatay mo sa taga Ehipto kahapon?

Sa sinalita noong lalake, nalaman agad ni Moises na hindi pa nahahanda ang kanyang bayan na gawin siya na kanilang pangulo, at hindi pa nahahandang lumabas sa lupaing iyon. Nalaman din niya, na maaaring madinig ng hari ang bagay na iyon, masumpungan na ang puso niya'y kakampi ng mga Israelita, at ipapapatay siya na isang taksil. Nabigo ang kanyang panukala. Matapos iwanan ang lahat ng bagay, tumakas siya sa lupain dahil sa malaking pangamba, at nagtungo sa ilang sa dakong silangan.



*Sumapit siya sa lupain ng Midian at naupo sa piling ng isang balon upang magpahinga.*

Matapos ang isang mahabang paglalakbay, ay sumapit siya sa lupain ng Midian, at naupo sa piling ng isang balon upang magpahinga. Pitong anak na dalaga ng saserdote sa lupaing yaon na sumasamba sa tunay na Dios, ay naparoon sa balon upang painumin ang kanilang mga kawan. Nguni't may ilang pastor na dumating sa balon at pinaalis ang mga dalaga. Sa gayon ay tumindig si Moises at tinulungan ang mga dalaga, at pinainom para sa kanila ang kanilang mga tupa. Naibigan siyang mabuti ng ama ng mga dalagang ito kaya binigyan siya ng isang tahanan; at ng malaon kinuha ni Moises na maging maybahay niya ang isa sa mga dalagang iyon. Dalawang anak na lalake ang sumilang sa kanila, at sa loob ng apat na pung taon si Moises ay nasiyahan sa pagaalaga ng tupa ng kanyang biyanan.



# Pinabalik

*Ikaapat na Kabanata*

ISANG ARAW, nang si Moises ay walungpung taon na ang gulang, kanyang dinala ang kanyang mga tupa sa malayong dako ng pasabsaban, malapit sa isang bundok na kung tawagin ay Horeb. Nakakita agad siya roon ng isang mababang puno ng kahoy na nagliliyab, subali't hindi naman nasusunog habang kanyang minamasdan. Lumapit siya upang tinganan kung ano't gayon, at nagsalita ang Dios sa kanya buhat sa mababang



*Sa gayon ay sinabi Niya kay Moises na handa na Siya upang palayain ang kanyang bayan.*

punong kahoy, na unang sinabi sa kanya na siya'y magalis ng sapatos, sapagka't banal ang lupang iyon. Pagkuwa'y sinabi Niya kay Moises na nahahanda na Siyang palayain ang kanyang bayan, at si Moises ay dapat paroon at sabihin sa haring payaunin na sila.

Datapuwa't itong pastor na mababang loob ay natatakot na ngayon sa Dios at natatakot na yumaon, kaya nga nagdahilan na siya ng lahat ng maiisip niyang idahilan upang huwag lamang makayaon. Nguni't hindi pakinggan ng Dios ang anoman sa kanyang mga dahilan. Sinabi Niya sa kanya na siya'y sasamahan, at sinabi sa kanya kung ano ang kanyang marapat gawin at sabihin, na siya'y bibigyan Niya ng mga tanda upang patunayan sa bayan na siya ay sinugo ng Dios, at si Aaron, matanda niyang kapatid, ay lalabas upang siya ay salubungin at tutulungan siya sa kanyang gagawin. Kaya nga si Moises ay yumaon.

Nang silang magkapatid ay dumating sa Ehipto una'y naparoon sila sa kanilang mga kababayan, at nagpakita ng mga tanda upang patunayan na sila'y mga sinugo ng Dios. Si Moises ay mayroon din namang taglay na isang tungkod. Kanyang inihagis sa lupa, at naging ahas; kanyang dinampot ang ahas na hinawakan sa buntot, at naging tungkod na naman. Kanyang ipinasok ang kanyang kamay sa kanyang sinapupunan, at ng kanyang ilabas ay maputing katulad ng busilak na may ketong, na hindi mapagagaling. Datapuwa't kanyang ipinasok uli, at ng kanyang ilabas ay magaling na. Ang ikatlong tanda ay nagbuhos ng tubig sa lupa at naging dugo. Sa gayon ay sinabi ng magkapatid sa bayan na hindi na matatagalan at sila'y palalayain ng Dios, at naniwala ang bayan at kanilang pinuri ang Dios.

Gayon man, hindi sila mapapalaya ng Dios hanggang hindi sila pumipihit sa Kanya at susunod ng Kanyang

mga utos. Nang panahong iyon ang mga alipin ay nagsisigawa ng mga laryo, upang ipagtayo ng malalaking siudad para sa hari. Bawa't isang tao'y tinakdaan ng gayong karaming gagawin, at ang bilang ay napakarami na anopa't kailangang silang gumawa sa lahat ng araw ng sanglinggo upang matapos. Sinabi sa kanila ni Moises na nang gawin ng Dios ang lupa ay Kanyang ibinukod ang ikapitong araw ng bawa't sanglinggo upang ipagpahinga at isamba; at maliban na kanilang ipangilin ang araw na ito hindi sila mangyayaring mapalaya. Dapat munang sumunod ang bayan ng Dios sa Kanya.



*Naparoon sa hari sina Moises at Aaron.*

Sinabi ng mga manggagawa na kanilang sisikapin, kaya nga nagsigawa silang mabuti at ang bawa't isa ay nakayari ng dami ng laryong dapat niyang mayari sa loob ng anim na araw sa halip na pito, at lahat ay nagpahinga ng ikapitong araw, na siyang Kapangilinan ng Dios. Samantala si Moises at si Aaron ay naparoon na sa hari, at sinabi nila rito na nagpadala ang Dios ng pasugo na dapat niyang (ng hari) pahintulutan ang Israel na yumaon upang kanilang masamba Siya. Tinawanan lamang sila pati ng kanilang Dios, ng hari, at ng marinig nito na sila'y nagsisipangilin ng ikapitong araw, galit na ga-

lit siya, at ang wika: "Bakit ninyo hinahadlangan ang bayan sa kanilang paggawa, at inyong pinapangingilin sila ng Sabado sa kanilang mga pasanin? Sila'y mga tamad; wala silang sapat na magawa upang sila'y huwag matigil; iyan ang bagay. Pabibigatin ko pang lalo kaysa rati ang kanilang mga pasanin."

Bago sumapit ang araw na ito'y binibigyan ng dayami ang mga mangagawa na inilalagay nila sa kanilang laryo upang ang putik ay magkapit na mabuti. Ngayon ay ipinagutos ng hari na sila na rin ang magsisikuha ng gagamitin nilang dayami. Kailangang sila ay magsipagtipon ng mga dayami, at kung hindi sila makayari ng bilang ng laryo na gaya ng dati sila ay hinahampas ng katakottakot. Napakahirap noon, at lumapit sila kay Moises at nagsitutol dahil sa kanyang pinahirap pang lalo ang kanilang gawain. Inilapit ni Moises sa Dios ang bagay na ito. Sinabi ng Dios sa kanyang alalahanin ang mga pangako na ipinangako sa kanya at sa kanyang mga magulang, at maghintay at tingnang gumawa ang Dios. Sinabi Niya na hindi lamang sila'y pahihintulutan ng hari na makayaon, kundi ipagtatabuyan pa. Sinabi ni Moises ang bagay na ito sa bayan, nguni't ayaw silang makinig, naguguluhan silang totoo.

Sa utos ng Dios, ang magkapatid ay humarap na naman sa hari at sinabi nilang payaunin na ang bayan. Sinabi sa kanila ng hari na gumawa ng mga kababalaghan upang patunayan na sila ay buhat sa Dios. Sa gayon ay inihagis ni Aaron ang kanyang tungkod sa sahig, at naging ahas. Nguni't tinawag ng hari ang marurunong niyang tao na nagsipaghagis din ng kanilang mga tungkod at sa pamamagitan ng lalang ay naging mga ahas. Nguni't nilamon ng tungkod ni Aaron ang kanilang mga tungkod. Gayon man ay sinabi ng hari na ang kanilang Dios ay hindi higit ang kadakilaan sa kanyang dios, at ayaw silang payaunin.



*Datapuwa't nilamon ng tungkod ni Aaron ang kanilang mga tungkod*

Sa gayon ay pinasimulan ng Dios na magsugo ng mga salot sa mga taga Ehipto. ·Kinaumagahan ay nagtungo ang hari sa ilog upang ito'y sambahin, sapagka't isa ang ilog na iyon sa kanyang mga dios. Tinagpo siya roon nina Moises at Aaron at muli nilang hiniling na sila'y palayain, at pinahindian na naman sila. Sa gayon ay itinaas ang tungkod ni Moises sa ibabaw ng tubig at ang ilog ay naging dugo, nangamatay ang mga isda roon, at bumaho ang amoy. Datapuwa't pinapaniwala ng mga pantas ng hari na makagagawa rin sila ng gayon, bagaman hindi nila mangyaring mapaging tubig na muli ang dugo.

Sa loob ng pitong araw ay namalagi ang dugo, at ang mga tao'y kinailangang magsipaghukay upang makakuha ng tubig. Subali't aayaw pahinuhod ang hari, kaya muling pinalo ni Moises ng kanyang tungkod ang tubig, at libolibong palaka ang umahon sa tubig at kumalat sa buong lupain. Nagsipanhik sa bahay ang mga palakang iyon, nagsiahon sa mga kamang higaan, at sa pagkain. Kahi't sa palasyo ng hari hindi mapaalis ang mga palaka. Sa ganito'y nagpakumbaba ang hari at sinabi kay Moises na kung aalisin niya ang mga palaka ang bayan ay palalayain. Kaya si Moises ay nagtakda ng panahon sa kahilingan ng hari, at nangamatay ang lahat ng palaka. Nguni't pinatigas ng hari ang kanyang puso at ayaw rin silang payaunin.

Dumating pa ang ibang mga salot, sunodsunod. Sinugo ng Dios ang mga salot na ito laban sa mga taga Ehipto sa anyo ng mga diosdiosan na kanilang sinasamba, upang ipakilala na ang tunay na Dios ay lalong dakila kaysa mga bagay na Kanyang ginawa, at sa utos Niya ang mga bagay na ito'y naaring maging sumpa sa halip na maging pagpapala. Sumasamaba ang mga taga Ehipto sa mga insekto, at nagpadala ang Dios ng mga

langaw at kuto ng laksa-laksa upang sila'y pagkakagatin, at nagsugo rin ng kawan-kawang balang upang kanin ang kanilang mga pananim. Sila'y sumamba sa mga hayop, lalo na sa baka at toro, at nagsugo ang Dios ng sakit ng mga baka na siyang pumuksa sa kanilang mga hayop. Kanilang sinasamba ang mga katawan ng mga lalake at babae, at nagsugo Siya ng mga pigsa upang kalatan ang kanilang mga katawan at magdulot sa kanila ng malaking sakit. Kanilang sinasamba ang maganda at aliwalas na langit na hindi natatakpan ng alapaap kaylan man; at pinadalhan sila ng Dios ng tangi at kaisaisang ulan na naranasan nila, hindi ng patak ng tubig, kundi ng graniso na ang laki ay sapat makamatay sa tamaan, nakasira ng mga bubong ng bahay, nakaputol ng mga dahon at mga sanga ng mga kahoy; may kasama pang kidlat at sinunog ang marami sa mga bahay. Kanilang sinamba ang araw, at sa loob ng tatlong araw na singkad ay inalis ng Dios ang araw sa kanilang paningin, at nagdulot sa kanila ng kadilimang nahihipo, na pusikit na pusikit.

Ang angkan ni Israel ay tumatahan sa isang bahagi ng lupaing sarili nila; at isa man sa katakottakot na salot na iyon ay walang sumapit sa kanila. Ito'y isang tiyak na tanda para sa hari na ang Dios ay sumasa kanyang bayan. Halos nawalan na ang mga taga Ehipto ng lahat nilang tinatangkilik, at sila'y nagsilapit sa hari at iniudyok nilang payaunin na ang mga alipin bago mangamatay silang lahat. Nagmatigas pa rin ang puso ng hari at aayaw siyang padaig agad sa pakikilaban sa Dios. Iisa na lamang salot ang natitira upang ipadala sa kanila ng Dios, ang ikasampu, at iyon ang maguudyok sa kanya upang makipagkasundo.

# Lumabas sa Ehipto

*Ikalimang Kabanata*

NANG panahong iyon ay naging dakilang tao na si Moises sa paningin ng mga taga Ehipto. Inakala nila na siya ang nagdala ng mga salot sa kanila, datapuwa't naniniwala rin naman sila na siya lamang ang tanging makapagaalis ng mga salot na iyon sa kanila. Pati na ng hari ay natatakot sa kanya. Sinugo siyang minsan pa ng Dios sa mapagmatigas na hari upang ito'y bigyan niya ng kahuli-hulihang babala tungkol sa bagay na darating. Sinabi ni Moises sa hari na iniibig ng Dios ang Israelita na pinaka panganay na anak, —at tunay na ibinigay Niya ang bugtong Niyang anak na si Jesus upang mamatay ng dahil sa kanila, — at kung hindi sila pahihintulutan ng hari na magsiyaon ay papatayin ng Dios ang bawa't panganay sa bawa't pamilya sa lupain ng Ehipto, sa isang gabi lamang. Nang ito'y masabi na niya, si Moises ay nuwi na sa tahanan niya upang papaghandain ang kanyang bayan sa paglabas.

Sinabi niya sa kanyang mga kababayan na bawa't isang pamilya ay magpapatay ng isang kordero o isang batang kambing ng araw na iyon, at saka ihawin, upang kanilang kanin bago nila lisanin ang lupaing iyon sa hating gabi. Kanila rin namang wiwisikan ng dugo ng kordero ang dalawang haligi ng pinto at ang itaas ng pintuan ng kanilang bahay. Ito'y magiging palatandaan sa anghel na susuguin ng Dios na siya (ang anghel) ay hindi papasok sa bahay na yaon at patayin ang panganay na anak. At dahil sa lalagpasan ng anghel ng kamatayan ang mga bahay na may tanda ang kanilang gagawin nga ay tatawaging Paskuwa. Taon-aon mula na noon ay kanilang gagawin ang gayon ding bagay, upang maalaala nila sa tuwina kung papaanong iniligtas sila ng Dios sa pagkaalipin.

Ang Paskuwa ay tutukoy rin naman sa pagparito ni Jesus, na Anak ng Dios, dito sa sanglibutan. Sapagka't si Jesus ay papataying kagaya ng kordero at ang kanyang dugo ay siyang magliligtas sa bayan sa kanilang mga kasalanan. Sa kanilang pagkain ng kordero ipinakilala nila ang kanilang pananampalataya sa nawaray na katawan at dugong nabuhos ni Kristo, "ang Kordero ng Dios."



*Kanilang iwiwilig ang dugo ng kordero sa itaas ng pintuan.*

Nahanda ang Israel gaya ng sinabi ng Dios; at ilan sa mga Ehipsiong nagsisampalataya sa Dios at inibig na mangaligtas, ay nangagkatipon sa mga tahanan ng Israelita, upang sila'y sumailalim din naman ng dugo at maligtas ang kanilang mga panganay. Taglay ang malaking pangamba na ang bawa't isa'y nagsipaghintay ng tugtug ng hating gabi. Tiniyak ng bawa't sambahayan na ang lahat nilang mga anak ay nasa loob ng bahay, at ang dugo

ay nasa dalawang haligi, at kinain nila ang kahulihulihan nilang pagkain na nakatayo sa tabi ng hapag ng pagkain, na pawang gayak na sa paglalakbay.

Dumating ang hating-gabi; at nagkaroon ng malaking panangisan ng kalumbayan sa buong lupain, sapagka't wala ni isang tahanan sa mga taga Ehipto na ang panganay na anak ay nabuhay. Pati ng prinsipeng anak ng hari, na siyang ipinagmamalaki ng sambahayan ng hari, na siyang maghahari sa lugar ng kasalukuyang hari, ay namatay din. Nakapanghihilakbot na sandali yaon para sa buong Ehipto. Datapuwa't sa mga Israelita walang namatay kahi't isang bata.

Sa gayon ay ipinatawag ng Hari si Moises at Aaron na, nagmamadali, at sinabi: "Kayo'y bumangon, umalis kayo sa gitna ng aking bayan. Kayo'y yumaong maglingkod sa



*Nakapanghihilakbot na mga sandali yaon para sa Ehipto.*

Panginoon at dalhin ninyo ang mga kawan at mga bakahang isama ninyo; at ako'y inyo ring pagpalain.'' At ipinamanhik ng hari at ng bayan sa kanila na sila'y magsiyaong madali, baka silang (mga taga Ehipto) lahat ay mangamatay. Itong ito ang sinabi ng Dios na talagang mangyayari.

Ito na ngayon ang pagkakaton nila, at ang mga Israelita ay hindi mabagal sa pagdampot ng pagkakataong ito. Hinati na sila sa mga pulutong, may mga pagkain na silang handa sa paglalakbay, at nakapanghingi na rin ng mga ginto at pilak sa mga taga Ehipto upang makatulong na maibayad sa mga gawang kanilang nagawa, at ang mga taga Ehipto naman ay wala ng pahindi sa maibigan nila dahil sa kasabikang mangagsialis na sila. Matagal pa bago magumaga nagsisipaglakad na sila, itinataboy ang kanilang mga bakahan, inaakay ang mga kamelyo at mga asno na may mga karga na kanilang mga daladalahan, at pasanpasan sa kanilang mga balikat ang lahat nilang mangyayaring madala, — mga lalake at mga babae pati mga bata na magkakasamang lahat; at sa likuran nila'y sumusunod naman ang ibang mga taong taga Ehipto na ninais magsisama sa kanila. Upang maalaman natin kung ilang lahat sila, sinasabi sa atin na mayroong anim na raang libong lalake ng Israel, na hindi ibinilang ang mga babae at mga bata. Napakalaking karamihan yaon.

Naglakbay silang pasilangan at nagsihinto sa tabi ng ilang. Pinapatnubayan sila ng Dios, at upang ituro sa kanila ang daan, gumawa Siya (ang Dios) ng isang malaking alapaap na nangunguna sa kanila sa hangin. Kung gabi ang alapaap na yaon ay sumisinag na kagaya ng apoy, at tinatanglawan ang buong kampamento. Mangyayari silang makatungong tuwiran sa lupain ng Kanaan, at makagugol na labing isang araw lamang sa paglalakbay. Datapuwa't pinatnugutan sila ng Dios sa papuntang lupain ng Midian, na sa lugar na ito'y naging pastol ng tupa



*Naglakbay silang pasilangan at nagsihinto sa gilid ng ilang.*

si Moises sa loob ng apat na pung taon. Ibig ng Dios na ituro muna sa kanila ang Kanyang kaparaanan at kautusan, na nalimutan na ng marami sa kanila samantalang nasa ilalim ng malupit na pagkaalipin sa Ehipto, bago Niya sila dalhin sa Kanaan. Ang Kanaan ay puno rin naman ng mga taong magdirigma ng panahong iyon, at ang angkang ito ng Israel na sa bong buhay ay naging mga alipin at hindi nakakaalam ng pakikipagdigma, ay mangatatakot na magsiparoon. Hindi sapagka't kailangan nilang matuto ang Israel ng pakikilaban, datapuwa't kailangan nilang matutung magtiwala sa Dios na siyang makipaglaban para sa kanila. At hindi sila nagtiwalang lubos sa Kanya, gaya ng ating makikita.

Nang ang mga taga Ehipto ay mangaibsan na ng takot at mangagising ng lubusan upang maalaman na tunay nga na ang kanilang mga alipin ay nangakaalis na, nangalungkot sila at kanilang napayaon; sapagka't noon sila na rin

ang gagawa ng kanilang gawain. Kaya nga ang hari at ang bayan ay nangagpasiya na habulin ang kanilang mga alipin at ibalik. Matapos makapagtipon ng isang malaking hukbo na may maraming karo nagsilakad naman sila upang habulin bago mangakalayong totoo. Ngayon ano ang magagawa ng mga aliping nagsitakas?

Samantala pinatnubayan naman ng alapaap ang Israel sa dagat na kung tawagin ay Dagat na Pula, at sa magkabilang panig nila ay may matataas na bundok na batuhan na hindi nila mangyayaring maakyat. Sila'y nagsihinto at nagsipaghintay, nang bigla nilang narinig ang ingay ng mga gulong ng karo ng hari sa kanilang likuran. Sa gayon sila'y nangatakot, at hindi nila maalaman kung ano kaya ang gagawin. Sa halip na magtiwala sa Dios na sila'y tulungan sa kanilang kaguluhan, nagpasimula silang maghanap ng kamalian kay Moises at Aaron dahil sa sila'y dinala roon upang mangamatay. Sinabi na mabuti pa ang sila'y pinabayaan ng mangamatay doon sa Ehipto kaysa mamatay sa ilang. Si Moises man ay nabagabag din, subali't siya'y nagtiwala sa Dios, at sinabi niya sa kanila: "Huwag kayong mangatakot; magsitahimik kayo at tingnan ninyo ang paggawa ng Dios para sa inyo; nakikita ninyo ang mga taga Ehipto ngayon, nguni't pagkatapos nito ay hindi na ninyo makikita pa silang muli. Dios ang makikipaglaban dahil sa inyo."

Nang dumarating na nagmamadali ang mga taga Ehiptong lubos ang pagasa na maaabot nila ang nakatakas nilang mga alipin at kanilang mangaibabalik sa pagkaaliping higit kaysa rati, ang malaking alapaap ay tumaas sa hangin at saka bumaba sa kanilang likuran, at itinago sila sa kanilang mga kaaway. Sa pagsapit ng gabi, pusikit ang kadiliman doon sa kabila ng alapaap sa panig ng mga taga Ehipto, na siyang nagpahinto sa kanila; datapuwa't sa kanilang panig naman ang alapaap ay

maliwanag, at ang Israel ay nakakakitang maliwanag na gaya ng sa araw.

Sa gayon ay sinabi ng Dios kay Moises na magpatuloy ng lakad. Lumakad nga sila, at pagsapit nila sa tabi ng tubig, itinaas ni Moises ang kanyang tungkod sa ibabaw ng dagat, at ang tubig ay nahati at tumayo sa magkabilang panig na katulad ng mga pader na yelo, at nagkaroon ng tuyong daan sa kaibuturan ng dagat hanggang sa kabilang pangpang. Taglay ang buong pananampalataya na ang buong karamihan ay lumakad sa daang nabukas upang tumawid. Sa buong magdamag ang tubig ay napigil, hanggang sa silang lahat ay mangaligtas sa kabilang pangpang.



*Nagtagop ang tubig at nilamon ang kahulihulihang lalaki sa hukbo ng Ehipto.*

Samantalang sila ay lumalakad, ang alapaap ay sumusunod sa kanilang likuran; at ng makita ng hukbo ng hari ang kanilang ginagawa, at nayari ang isang daan sa dagat, ang mga taga Ehipto ay nagkaroon ng sapat na tapang na sumunod at ang pagasa'y aabutin pa rin sila. Datapuwa't pinigil ng Dios ang mga kaaway sa pagmamadali sa pamamagitan ng pagkatanggal ng gulong ng kanilang mga karo. Gayon pa man may kamangmangan silang nagsipagpatuloy, hanggang sa ang buong hukbo, kasama ang hari, ay napasa kaibuturan ng dagat. Sa gayon sa kabilang ibayo ay itinaas na muli ni Moises ang kanyang tungkod sa ibabaw ng mga tubig, at ang mga tubig naman ay nadaop na muli at nilamon hanggang sa kahulihulihang tao ng hukbo ng Ehipto.

Sa wakas ay laya na sila sa Ehipto at sa pagkaalipin, upang huwag na makilala pa kaylan man, at ang lahat ng yaon ay sa pamamagitan ng kamay ng Dios. Ang bayan ay natuwang mainam at nagsigawan sa kagalakan. Nang magkagayon ay pinangunahan ni Moises ang bayan sa pagawit ng isang magandang awit sa pagpapasalamat sa Panginoon, at ang mga babae, sa pangunguna ni Miriam, kapatid ni Moises, ay nagsitugtog ng pandereta at nagsayawan. Isang dakilang araw yaon sa Israel, at mandin ay hindi na nila muli-muli pang iwawala ang kanilang pananampalataya sa makapangyarihang Patnugot na nasa itaas.

# Alalahanin Mo ang Araw ng Sabado

*Ikaanim na Kabanata*

MALIGAYA dahil sa bago nilang nasumpungang kalayaan, ang hukbo ng Israel ay muling naglakbay sa ilang na lupain upang humanap ng tahanan sa lupang ipinangako. Walang nakababagabag sa kanila sa paglalakbay na ito at inakala nila na magiging maginhawa ang lahat ng bagay sa kanila. Pinatnugutan sila ng alapaap na patimog sa may tabi ng dagat, sa gitna ng isang basal na lupain. Sa loob ng tatlong araw ay naglakbay sila, na hindi nakasumpong ng tubig na mainom. Hindi natagalan at ang tubig na dala ay naubos na, at matindi ang sikat ng araw sa tuyong kapatagan.

Nang malaon ay nakakita sila ng mga balon sa malayo, at nagmadali silang nagtungo roon, datapuwa't nabigo sila ng gayon na lamang sapagka't mapait ang tubig at hindi nila mainom. Sa gayon dahil sa kanilang kauhawan at mahirap na kalagayan ay kanilang sinisi si Moises dahil na doon sila idinaan, at nilimot na doon sila pinatnugutan ng alapaap. Datapuwa't si Moises ay natuto ng magtiis at magtiwala, dahil dito'y tumawag siya sa Dios upang maalaman niya ang marapat gawin. At ipinakita sa kanya ng Dios ang isang punong kahoy sa malapit, na ang mga dahon noon ang magpapatamis sa tubig. Kaya ang kanilang bagabag ay madaling napawi.

Naglakbay na naman sila at hindi natagalan at dumating sila sa isang lugar na mayroong labing dalawang balon ng tubig at pitumpong kahoy na palma. Dito'y nagpahingang matagal sila. Isang buwan na sila sa paglalakbay, at ang pagkaing dala nila'y nagsimula ng naubos. Mayroon pa silang sapat na makain, nguni't nagsipagalaala na sila para sa mga araw na hinaharap. Papaano mapakakain ang gayong karaming tao sa ilang na lupaing

iyon, na wala kahi't anong tumutubo na kanilang makakain? Kaya naghinanakit na naman sila, at itinanong kay Moises kung baki't sila'y isinama pang lisanin ang kasaganaan sa Ehipto upang mamatay sa gutom sa katakottakot na lupaing iyon. At marami sa kanila ang naghangad na sila'y magbalik na sa Ehipto.


Datapuwa't sinabi sa kanila ni Moises na padadalhan sila ng Dios ng pagkain. Nang sumapit na ang dilim, maraming kawan ng pugo ang dumating sa palibot ng kampamento, at nangabusog sila ng pinakamabuting lamang-kate. Datapuwa't ang Dios ay may itinataang pagkaing lalong mabuti kaysa lamangkate. Binigyan Niya sila ng lamangkate sapagka't iyon ang kanilang ibig, subali't hindi iyon ang pinakamabuting pagkain. Pinagsisikapan ng Dios na maalis sa kanila yaong napagkaugalian nilang dati sa Ehipto.

Sinabi ng Dios kay Moises na Kanya silang padadalhan ng pinakamabuting bagong pagkain kinabukasan. Datapuwa't may sinabi rin naman Siya kay Moises na hindi dapat maalaman ng bayan. Kanyang susubukin ang bayan upang tingnan kung kanilang aalalahanin ang Kanyang Sabado o kung hindi. Sinabi Niya na kanyang ipadadala ang mabuting pagkaing ito tuwing umaga sa sanglinggong yaon sa loob ng anim na umaga, datapuwa't sa ikaanim na umaga ay magpapadala Siya ng ibayong dami upang sila'y magkaroon ng sapat na makakain pati sa araw ng Sabado ng hindi na lalabas pa upang mamulot at saka ihandang kanin. Sa araw ng Sabado ay wala sinomang mamumulot. At saka, sinabi rin Niya na ang pagkaing ito ay hindi mananatiling sariwa, kundi sasama na kung abutin ng gabi, sa gabi-gabi sa loob ng anim na araw, maliban sa gabing sinusundan ng Sabado datapuwa't sa gabi ng ikaanim na araw mananatiling matamis at magiging mabuting kainin sa araw na kapahingahan ng Dios. Kanyang titingnan kung maaalaala kaya ng ba-

yan, ng hindi na pagsasabihan pa, na mamulot ng sagana sa ikaanim na araw para sa araw ng Sabado, at ipangilin ang Sabado sa pamamagitan ng di paggawa.

Nang magsilabas ang mga tao sa kanilang mga tolda noong unang umaga, nakita nila na nakakalat sa lupa, kagaya ng hamog, ang maraming mga maliliit, mabibilog at mapuputing bagay. At nang kanilang kainin, ang lasa ay katulad ng biskuwit na may pulot. Kanilang giniling sa mga gilingan o kaya'y binayo sa lusong, niluto sa hurno at ginawang mga tinapay. Napakabuti, at ang bawa't isa ay nagkaroon ng sagana. Makapagpapalakas sa kanila ang pagkaing iyon at mapamamalagi silang mabuti. Tinawag nila yaong mana, at kung minsan ay pagkain ng anghel, o kaya'y tinapay na buhat sa langit.

Datapuwa't tunay na may ilang tao na nagsikap na



*Nakakuha sila sa ibabaw ng lupa, ng napakaraming maliliit, mabibilog, at mapuputing bagay na kagaya ng hamog.*

itago iyon sa gabi upang pabukasan, at inuod, at sumama. At may ilan naman na hindi inihanda iyon sa ikaanim na araw hanggang sa Sabado, kundi nang ikapitong araw ng sanglinggo ay lumabas upang mamulot, at nangagutom ng maghapong iyon. Datapuwa't ang karamihan sa mga tao ay naghanda para sa Kapangilinan gaya ng ibig ng Dios na kanilang gawin, upang ipakilala na kanilang inaalaala ang pangingilin ng Sabado sangayon sa kaugalian ni Abraham, Isaak, at Jakob, na kanilang mga magulang, na nagsipangilin ng ikapitong araw ng sanglinggo dahil sa iyon ay iniutos ng Dios sa pasimula ng Kanyang gawin ang mga langit at ang lupa.

Nang paroon ang mga puno ng Israel at sabihin kay Moises kung papaanong marami sa kanila ang nakakaalaalang mabuti na ipangilin ang Sabado, nasiyahang lubos si Moises at ang wika: "Iyang iyan ang sinabi ng Panginoon. Lutuin ninyo at ihanda ang inyong pagkain sa ikaanim na araw, at mananatiling mabuti hanggang sa kinabukasan, na siyang Sabado ng Panginoon. Makukuha ninyo ang pagkaing iyan sa unang anim na araw, ng sanglinggo, datapuwa't sa araw ng Sabado ay hindi magkakaroon."

Datapuwa't doon sa nagsilabas nang araw ng Sabado upang maghanap ng mana, at walang nakuha, sinabi ng Dios: "Hanggang kaylan tatanggihan ninyong ganapin ang aking mga utos at ang aking kautusan?" Alam ng buong bayan ang kautusang Sabado, nguni't ang mga taong ito'y talagang aayaw magsipangilin ng araw na iyan. Kung sa anomang kadahilanan ay hindi alam kung aling araw iyon ng sinoman sa kanila, sa panahong iyon, itinumpak na sila ng Dios magpakaylan man. Sa tuwing katapusan ng sanglinggo sa loob ng maraming taon gumawa Siya ng malaking mga kababalaghan upang masiguro nilang kanilang alam ang araw: Tuwing Biernes, na siyang ikaanim na araw, nagpapadala siya ng ibayong

dami ng mana; tuwing araw ng Sabado, na siyang ikapitong araw, wala siyang ipinadadala; at kung Biernes lamang ng gabi ang pagkaing iyon ay hindi nabubulok hanggang kinabukasan.

Ibig pa rin ng Dios na ipangilin ng Kanyang bayan, kahi't saan sila naroroon, ang ikapitong araw, ang Sabado, na siyang araw ng Kapangilinan. Ngayon ang angkan ni Israel ay hindi na siyang bayang pinili ng Dios, sapagka't ang mga tunay na Kristiano ang siya na ngayong nasa kanilang lugar. Datapuwa't ang utos at kapangilinan ng Dios ay siya ring kapangilinan ng Dios noong una. Ibayong pinagpapala ang lahat ng nagsisipangilin ng araw na ito.



# Bumaba ang Dios sa Bundok

*Ikapitong Kabanata*

MATAPOS masiguro ng Dios sa Israel na may saganang makakain na sila, ibinaba na naman nila ang kanilang kampamento at naglakbay na naman silang patimog, at iniwan nila ang mga balon ng tubig. Hindi natagalan at naubusan na naman sila ng tubig. Inibig na naman ng Dios na sila'y subukin upang tingnan kung sila ay magtitiwala sa Kanya tungkol sa tubig ng gaya ng pagtitiwala nila sa pagkain araw-araw. Datapuwa't nagsipaghinanakit ng higit sa mga nakaraan, na sinigawan si Moises; "Bigyan mo kami ng tubbig upang kami ay makainom."

Ang mga tao'y halos kagayang kagaya ng tupa: at si Moises ay natuto ng maraming leksion tungkol sa pagtitiis sa loob ng apat na pung taon niyang ipinagpastol ng tupa; kaya sumagot siyang mahinahon: "Bakit ninyo ako hinahanapan ng mali, at bakit hindi ninyo pinagtitiwalaan ang Dios? Matutulungan Niya kayo sa lahat ng kapighatian."

Dahil doon ay lalo na silang nagalit ng higit kaysa una, at sinabi kay Moises: "Baki't mo kami isinampa rito mula sa Ehipto, upang patayin mo kami sa uhaw, at ang aming mga anak, at ang aming kawan? Ibig mo kaming patayin upang mapasa iyo ang lahat ng ito na pagaari namin. Ibig na naming ikaw ay batuhin hanggang sa mamatay."

Datapuwa't si Moises ay nanalangin lamang sa Panginoon na humihingi ng karunungan. At ipinakita sa kanya ng Dios ang malaking bato sa malapit, at sinabi sa kanyang paroonan at paluin mo ng iyong tungkod, at ang tubig ay lalabas doon. Sumunod siya, at isang malaking agos ng tubig na tabang at malinis ang bumukal. Kaya



*Sumunod siya at isang malaking agos ng malinis at tabang na tubig ang bumukal.*

ang bawa't kauhawan ay nabigyang kasiyahan. At hindi lamang iyon, kundi sa boong hinabahaba ng kanilang paglalakbay ang mabuting tubig na iyon ay naging malapit

na parati sa kanilang kampamento. Siniguro ng Dios sa kanila ang kanilang inumin araw araw.

Kaya't pinatnubayan sila ng malaking alapaap ng banay-banay sa araw araw hanggang sa sila'y dumating sa lupain na pinagalagaan ni Moises ng kanyang tupa, at tinitirahan ng kanyang biyenan. Lumabas si Jetro upang siya ay salubungin at ang lahat ay naging masaya nang salitain ni Moises kung papaanong sila ay iniligtas ng Dios sa isang kahangahangang kaparaanan sa maraming kapanganiban nilang kinasuungan. Ngayon ay nagtayo sila ng kampamento sa paanan ng isang mataas na bundok na tinatawag na Sinai, at hindi na sila inilayo pa roon ng alapaap sa loob ng may isang taon halos. Pinili ng Dios ang tahimik na pook na iyon, sa gitna ng kagandahan ng katalagahan at malayo sa masasamang tao ng sanglibutan, upang ituro sa mga nagsisisunod sa Kanya ang Kanyang daan. Maraming leksion na kailangan nilang matutuhan, pagkatapos na maging alipin at manatiling mangmang sa loob ng mahabang panahon.

Una'y tinawag ng Panginoon si Moises sa itaas ng bundok at kinausap siya roon. Sinabi Niya sa kanya na sabihin sa bayan na sila'y Kanyang inilabas na tiwasay sa Ehipto, at kung kanilang tutuparin ang Kanyang kautusan at manatili sa lahat ng kasunduan na kanilang gagawin, kung magkagayon Siya ang magiging Dios nila, at sila naman ay magiging banal na bansa Niya, at sila ay Kanyang iingatan sa lahat nilang mga lakad. Nang ito ay sabihin ni Moises sa bayan silang lahat ay nangako na gagawin ang gaya ng lahat ng sasabihin ng Dios at magiging masunurin. Lubos ang kanilang pananalig na sila'y magiging mabuti; datapuwa't hindi nila natanto na ang tao'y hindi makatutupad ng utos ng Dios sa sarili niyang lakas, kundi nangangailangan ng Katulong. Gayon man ay mabuti naman ang kanilang hangad, at tinanggap ng Dios ang kanilang pangako.



*Gumuhit ang mga kidlat buhat sa alapaap, at ang kulog ay gumulong sa kapatagan.*

Sa gayon ay binigyan sila ng Dios ng tatlong araw upang ipaghanda, sapagka't Siya (ang Dios) ay bababa sa bundok upang salitain sa kanila ang Kanyang kautusan. Kaya nga nagsipaglaba sila ng kanilang damit, at nagsipaligo, at sa ikatlong araw, ang buong hukbo, mga lalake, mga babae, at mga bata ay nagkatipon sa paanan ng bundok. Samantalang sila ay naghihintay, isang malaki at maitim na alapaap ang tumakip sa tuktok ng bundok, na sa bawa't sandali ay umitim ng umitim. Pagkuwa'y bumaba sa may libis hanggang sa natabunan ang buong bundok. Matatalim na kidlat ang kumislap sa alapaap, at gumulong sa kapatagan ang kulog. Ang bundok ay umuga dahil sa lindol at ang bayan ay natakot ng gayon na lamang na nangagpatirapa at nagsisigaw sa Dios na humihingi ng awa. Pati ni Moises ay totoong natakot. Ginawa ng Dios ang bagay na ito upang ipakilala kung gaano kadakila at kalakas Siya.

Pagkatapos ang lahat ay naging tahimik na naman, at sa loob ng ilang saglit ang tinig ng Dios ay nagbuhat sa alapaap sa tinig na maliwanag, subali't hindi nila Siya makita. Bago sumapit ang panahong iyon ang Kanyang kautusan ay naiabot na sa kanila buhat sa kanilang mga magulang, sapagka't ibinigay yaon kay Adan sa pasimula, datapuwa't sila'y nakagawa ng mga pagkakamali tungkol sa tunay na kinakahulugan noon, at kung papaano iyon marapat na tuparin. Ngayon naman ay sinalita ng Dios ng sarili Niyang tinig upang huwag ng mapagkamalian. Dumating sa kanila samantalang sila'y nagsisipakinig:

"Ako ang Panginoon mong Dios na naglabas sa iyo sa lupain ng Ehipto sa bahay ng pagkaalipin.

"Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko.

"Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas

sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't akong Panginoon mong Dios ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin; at pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos.

"Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kanyang pangalan sa walang kabuluhan.

"Alalahanin mo ang araw ng Sabado upang ipangilin Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain: nguni't ang ikapitong araw ay sabado sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong pintuang daan: sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon at nagpahinga sa ikapitong araw; na anopa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng Sabado at pinakabanal.

"Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios.

"Huwag kang papatay.

"Huwag kang mangangalunya.

"Huwag kang magnanakaw.

"Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa.

"Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang


kanyang aliping lalake o babae, ni ang kanyang baka, ni ang kanyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa.''

Bagaman sila'y takot sa kaluwalhatian at kapangyarihan ng Dios, alam ng bayan na ito ang pinakabuting hanay ng kautusan na kaylan man ay naipagkaloob sa mga tao. Tinatawag natin itong sampung utos. Iyan ang pinaka palatuntunang bayan ng pamahalaan ng Dios. Bukod dito, binigyan pa ng Dios si Moises ng iba pang mga kautusan na mababa kay sa rito na nagpapakilala kung papaano ang mga dakilang utos na ito'y dapat sundin; datapuwa't ito, sa makatuwid ay ang sampung utos, ang naging huwaran ng lahat ng mabubuting kautusan na ginawa na ng tao mula ng kapanahunan ni Moises.

Ang ikaapat na utos ang siyang pinakadakila sa buong sampu. Ang mga salitang: ''Ang ikapitong araw ay Sabado ay siyang nasa kalagitnaang kalagitnaan ng kautusan; maraming lalo ang nasasabi tungkol sa Sabado kaysa alin mang iba; at ito lamang ang may pangalan at tungkulin Noong may gawa ng kautusan. Iyan lamang ang utos na nagsasabi sa ating alalahanin, at kung malimot natin iyon ay nalimot natin ang Dios.

Sinasabi ng Dios: ''Ako ang Panginoon na hindi nagbabago.'' Ni hindi Niya binago kaylan man ang Kanyang kautusan. Ang Anak Niyang si Jesus ay naparito sa sanglibutan pagkaraan ng maraming taon mula noon, at Kanyang tinupad ang mga utos ng Kanyang Ama, at sinabi sa lahat ng mga Kristiano na yaon ay sundin. Ang Kanyang araw na Sabado ay yaon ding araw na iyon, at banal ding kagaya noong ibigay na Kapangilinan sa Eden at saka sa Sinai. Sinasabi Niya sa atin sa Biblia na ang huling araw na ito ng sanglinggo ay siyang Kapangilinang ipangingilin natin pagdating natin doon sa langit, kaya nga ang Kristianong umiibig sa Dios ay nalu-

lugod na ito'y ipangilin ngayon. Ang sampung utos ay nasasalig sa pagibig, na pinakadakilang bagay sa sanglibutan; ipinakikita natin ang ating pagibig sa Dios sa pamamagitan ng pagtupad sa nauunang apat na utos, at ang ating pagibig naman sa ating kapuwa tao ay tinutupad natin sa pamamagitan ng pagtupad sa nahuhuling anim.




*Ibinigay sa atin ng Dios ang Kanyang kautusan sa pamamagitan ni Moises*

# Gintong Guya

*Ikawalong Kabanata*

HINDI lamang sinalita ng Dios ang Kanyang kautusan, kundi, dahil sa baka malimutan ng bayan, ay binigyan Niya si Moises ng dalawang malalaking tapyas ng batong lapad, na dito Niya isinulat ng sarili Niyang daliri ang Kanyang kautusan, upang huwag malimutan o mabago man. Sinabi Niya sa Kanyang lingkod na hindi masusunod ng bayan sa ganang kanilang sarili lamang ang kautusan; at gayon man ang sinomang susuway sa kautusan ay dapat mamatay; sapagka't hindi mangyayaring maipahintulot ang kasalanan. Kanyang ipinaalaala kay Moises na sa pasimula ng sanglibutan sinasabi na ang Dios ay magsusugo ng isang tao dito sa sanglibutan upang iligtas ang bayan mula sa kanilang mga kasalanan. Ang taong iyon ay darating sa takdang kapanahunan, at Siya ay dili iba't ang Anak ng Dios na rin. Paririto Siyang tulad sa tao, tutuparin ang kautusan na sinuway ng bayan, at saka mamatay ng dahil sa bayan, at sa ganito mangaliligtas sila sa walang hanggang kamatayan. Datapuwa't kinakailangang Siya ay tanggapin muna ng mga tao at sampalatayanan bago sila mangaligtas; at may nararapat gawin upang manatili Siya sa kanilang harapan.


Makikipaglaban ang diablo laban sa kautusan ng Dios, at paniniwalain ang mga tao sa kasinungalingan, at sisikaping sila ay mangapigil upang huwag mangaligtas. Paniniwalain sila ni Satanas na hindi gaanong masama ang suwayin ang utos, at hindi sila mangamamatay kung kanila mang suwayin. Dahil dito'y pinagsabihan ng Dios si Moises upang magpatay ng isang kordero o isa kayang kambing o isa kayang baka araw araw, at ihandog ang katawan noon na isang haing susunugin sa dambana gaya ng ginawa nina Abraham, Isaak at Jakob, upang ipaalaala



Center for Adventist Research
Andrews University
Berrien Springs Michigan

JAMES WHITE LIBRARY
ANDREWS UNIVERSITY
BERRIEN SPRINGS, MICH. 49104

sa kanila na balang araw si Kristo ay paririto upang ibuhos ang dugo at ihandog ang Kanyang sarili dahil sa kanila. At marami pang mga gawa na ibinigay ng Dios kay Moises upang sabihin sa bayan na gawin upang maalaala nila tuwina na si Jesus lamang ang makatutulong sa kanila na gumawa ng matuwid. At ang lahat ng ito'y isinulat ni Moises sa isang aklat.



*Ang santuaryo na pinakikipagusapan ng Dios sa Kanyang bayan.*

At saka sinabi rin ng Dios sa bayan na sila'y gumawa ng isang santuaryo, o bahay na tolda, na doon Siya ay makabababa upang makipagusap sa kanila. Hindi papasok doon sa santuaryong iyon ang mga Israelita, kundi si Aaron at ang kanyang mga anak ay ibubukod na mga saserdote, at sila ang papasok sa santuaryo upang makipagusap sa Dios para sa bayan. Binigyan siya (si Moises) ng maingat na pamatagan (plano) para sa bahay na iyon, na gagawin habang maaari ay yaong magandang maganda, gayon man mayayari sa isang kaparaanang maaring mapaghiwahiwalay uli upang kanilang madala sa kanilang paglalakbay. Ang mga dingding at mga kasangkapan ay babalutin ng pinakamabuting ginto; gagamitan din naman ang gusali ng pilak at tanso; ang takip at tabing ay yayariin sa sutla at mainam na lino, at ang bubong ay ng pinakamabuting damit na mangyayaring magawa. Ang

mga larawan ng anghel ay inihabi sa damit na ginamit sa dingding sa loob.

Mahabang panahon ang nagugol ni Moises upang makuha ang lahat ng bagay na ito sa Dios. Sa loob ng apat na pung araw ay nasa bundok siya, at sa loob ng panahong iyon iningatan siya ng Dios na anopa't hindi niya kinailangang kumain ng anoman. Ang bayang nasa ibaba ay naghintay nang naghintay; at nang hindi na siya nagbalik ay nangamba silang baka si Moises ay pinatay na ng Dios, at hindi na nila siya makikita pang muli. Sa paglipas ng mga araw, sila'y nagpasimulang nagbulungbulungan sa kanikanilang sarili at nagagamagam kung ano kaya ang mangyayari sa kanila kung wala na si Moises. Sa wakas sila'y lubusang nagsitalikod sa Dios, at nagpasiyang dapat silang magkaroon ng ibang dios na siyang papatnugot sa kanilang pabalik sa Ehipto. Magaang magaan at madaling madali na yaong mga taong nahinto na sa paggawa ng masama ay makalimot sa mga dakilang kababalaghang ginawa ng Dios para sa kanila.

Ang mga taga Ehipto ay may isang toro na kanilang sinasamba at ng mamatay yaon ay nakakuha agad sila ng isang guya na ipinanganak noon din at ito naman ang sinamba. Kaya nga nagtipon ang ilan sa mga Israelita at sinabi na sila ay gagawa ng gintong larawan na binubong isang guya, at luluhuran nila, at dadalhing nangunguna sa kanila sa kanilang pagbabalik sa Ehipto. Lumapit sila kay Aaron at sinabi nila dito na igawa sila ng guya. Nagmabangis sila sa kanilang kilos anopa't si Aaron ay natakot sa kanila at sa halip na itanong sa Dios kung ano ang marapat gawin, sinabi niya sa kanila na dalhin sa kanya ang ginto at gagawin ang guya. Nagdala nga sila, at itinayo ang guya, at nagtakda sila ng isang araw na pagpipista na kanilang isasamba sa larawan at magsisipagsaya sila.

Katakottakot na pagkakasala yaong ginawa nila gayong babago pa naman silang nakapangangakong susunod sa Dios. Nalalaman ng Dios kung ano ang nangyayari, at sinabi Niya kay Moises na magmadaling pumasa kampamento. Ang matuwid na pagkapoot ng Dios ay malaki, at isipin na sila'y gagawa ng gayong kalaking kasamaan, kaya sinabi ng Panginoon kay Moises na tumayo sa tabi at Kanyang pupuksain silang lahat, at magpasimula na namang panibago, gaya ng Kanyang ginawa kay Abraham, at gagawin si Moises na isang malaking bansa. Namanhik si Moises sa Dios na kaawaan at iligtas ang bayan, at gayon na lamang kalaki ang Kanyang pagibig at Siya'y nagpatawad.



*Kanyang inihagis ang dalawang tapyas na batong kinasusulatan ng mga utos, tumama yaon sa bato at nadurog.*


Sa gayon si Moises ay nagmadaling bumaba sa boong makakaya niya, at nang makita niya ang bayan na nagsisipagsaya at nagsasayawan at nagsisisamba sa gintong guya, siya'y nagalit na mainam na anopa't kanyang naihagis ang dalawang tapyas na bato sa mga bato at nagkadurogdurog. Ito'y upang ipakilala na sinira ng Israel ang mga kautusan na ipinangako nilang matapat na tutuparin. Nagmamadali niyang pinasok ang pulutong ng mga mangmang, inihampas ang diosdiosan, at pagkatapos ay dinurog na gaya ng pulbos, at inihagis sa ilog na nagmula sa bundok, at ang bayan ay pinainom ng tubig noon. Napakawalang kaya ng kanilang dios!

Ipinagdahilan ni Aaron ang kanyang sarili sa pagkakasalang iyon na sinabing natakot siya na baka siya ay patayin ng bayan; kaya sinabi niya sa kanilang magdala ng ginto; at nang kanyang mailagay sa apoy ay lumabas na isang guya. Datapuwa't ng ipakilala sa kanya ni Moises kung papaano kinapopootan ng Dios ang gayong mga bagay, at nang makita niya ang kamalian na kanyang nagawa na pinapagkasala niya ang bayan, siya ay nalungkot na mainam. Pinatawad siya ng Dios na ipinamanhik ni Moises ang kapatawaran. Gayon pa man, marami pa rin sa bayan ang laban kay Moises at sa Dios, at aayaw magsisuko. Kung walang anomang bagay na nagawa upang masugpo ang paghihimagsik na iyon, ang buong Israel ay mawawaglit.

Maliksi si Moises sa anomang gagawin. May tapang siyang tumayo sa tabi ng pintuang daan ng kampamento at tinawag niya ang lahat ng papanig sa Dios na lumapit sa kanya at tumayo sa kanyang piling. Sa gayon ay sinabi sa kanya na ang lipi ni Levi, isa sa mga hari ng Israel, ay hindi nakisama sa pagsamba sa guya. Marami sa iba pang mga lipi ang nangalumbay dahil sa kanilang pagkakasala kaya nagsilapit sila at nagsitayo sa piling ng kanilang puno. Nguni't mayroon ding aayaw magsilapit sa

kanya, lalong lalo na yaong karamihang halo-halo na nagsisunod sa kanila sa paglabas sa Ehipto. Pagkuwa'y ipinagutos ni Moises sa mga Levita na kunin ang kanilang mga tabak at lumusob sa kampamento at puksain ang lahat ng hindi tumayong kasangayon ng kautusan ng Dios. Tatlong libong tao ang nangamatay sa talim ng tabak. Mahirap na gawin ang bagay na iyon, subali't wala ng iba pang kaparaanan.

Isinulat na muli ng Dios ang Kanyang kautusan sa ibang mga tapyas ng bato, at ang buong Israel ay nagsikap na mabuti sa paggawa ng matuwid. Bilang tugon sa tawag ng pangulo, nagsimula silang magsipagdala ng mga kaloob na ginto at pilak at tanso at magagandang kayo upang gawing santuaryo. Binigyan ng Dios ng tanging karunungan at katalinuhan ang ilang tao, at nagawa nila ang pinakamagandang gawa sa pagtatayo ng gusaling iyon at sa mga napapaloob doon. Naging mapagbigay ang ba-



*Ang kampamento ng Israel ay inayos sa sakdal na pagkakasunod-sunod*

yan at higit sa kailangan ang kanilang naihandog upang matapos ang gawain, at kinailangang pagsabihan pa sila na magsihinto na ng pagbibigay.

Samantalang naroroon sa Sinai, ang kampamento ng Israel ay naayos sa isang sakdal na kaayusan. Ang santuaryo ay nakatayo sa kalagitnaan; sa harap ng santuaryo ay nakatayo ang tolda nina Moises at Aaron; sa palibot na malapit ay nakahantong ang mga Lebita, na siyang nagaalaga at siyang nagsisipagdala ng santuaryo sa kanilang paglalakbay; at sa kabila nito'y ang bawa't lipi ay may kanikaniyang lugar na nakatakda, at ang halohalong bayan at mga nagsisisunod sa kampamento ay nasa dakong labas na. Ang Dios ay Dios ng kaayusan, at ibig Niya na ang anomang bagay na ating gagawin ay gawin natin sa maayos na kaparaanan.

Nang panahong ito'y sapat na ang ititnagal nila sa bundok, at pinapaghanda sila ng Dios sa paglakad. Ang alapaap na nagpahingalay sa itaas ng santuaryo, ay tumaas na naman sa papawirin at nagpunta sa dakong kanilang patutunguhan; at ang buong hukbo ay sumunod sangayon sa ayos, na may bagong kasiglahan upang paroon at tumahan sa lupang ipinangako.



# Itinaboy na Pabalik

*Ikasiyam na Kabanata*

ANG mga Israelita ay nagkaroon ng maginhawang panahon sa mahabang panahong itinagal nila sa bundok; datapuwa't nang lumabas na naman sila sa ilang ay hindi naging magaan sa kanila. Wala roong mga daan, at ang lupain ay mabato at basal. May sapat silang makakain at maiinom, subali't ang bayang halohalo ay nahahandang parati na maghanap ng kamalian, at ang iba ay *madali* namang nagsisisunod sa kanila. May ilang araw lamang na kanilang nasundan ang alapaap nang maghinanakit na naman ang ilan sapagka't wala silang lamang-kate na makain. Naalaala nila ang kanilang pagkain ng lamangkate sa Ehipto, at iyon naman ang kanilang nilunggati. Nguni't ang karne o lamangkate ay hindi siyang pinakamabuting pagkain, at sinisikap na ituro sa kanila ng Dios na huwag kumain noon.

Noong una ang Dios ay naging matiisin sa kanila, at nagparaya na sa kanila dahil sa may ilang walang nalalaman na mabuti-buti. Datapuwa't ngayon ay nalalaman na nila, at hindi Niya mangyayaring payagan na magpatuloy itong paghihinanakit na ito. Kaya nga nagsugo Siya ng apoy na siyang sumupok doon sa nagpasimulang gumawa ng gulo. Gayon man ay marami rin sa mga iba ang nagsisigaw na humihingi ng karne. Sa gayon ay ipinasiya ng Dios na bigyan sila ng kanilang nais, datapuwa't ibig din Niyang ipakilala sa kanila kung papaanong ang magbulungbulungan laban sa Dios ay isang katakottakot na bagay. Pinadalhan Niya sila ng malalaking pulutong ng mga pugo, napakarami na anopa't nagkaroon sila ng lamang kate na makakain sa loob ng isang buwang singkad. Datapuwa't napakatatakaw nila na anopa't ang

pinakamasama sa kanila'y kumain ng napakarami, at libo-libo sa kanila ang nagkasakit at namatay.

Sa boong panahong ito pinatnugutan ni Moises ang bayan na taglay ang kahangahangang tapang at pagibig. Kapag ang buong hukbo halos ay laban sa kanya, at nagsisipagpanukala ng siya ay patayin dahil sa dinala sila sa kagusutan, gaya ng kanilang inaakala, ang kapatid niyang si Aaron at si Miriam ay tumatayo sa kanyang piling upang tumulong. Datapuwa't bumangon na naman ngayon ang isang bago at malaking pagsubok. Ang dalawang ito'y nanibugho na rin kay Moises, at sinabi nila na sila man ay kasing buti rin, at may kayang katulad niya, at sila'y nararapat bigyan ng higit na kapangyarihan upang makapamahala. Ito'y higit na sa mababata ni Moises. Umiyak sa Dios na humingi ng tulong, at sinaway ng Dios sina Aaron at Miriam, at ginawa ng Dios na ketongin si Miriam, isang sakit na totoong napakasama na siyang untiunting pumapatay doon sa mga magkasakit noon sa pamamagitan ng pagkabulok ng kanilang laman. Sa gayon ay nakita ng dalawang ito kung papaano naging napakasama nila na pinabigat pa nilang lalo ang pasaning pinapasan na ni Moises, at bilang tugon sa panalangin ni Moises si Miriam ay pinagaling.

Sa loob ng ilang araw pa ay nalimot na nila ang nakaraan nilang mga kahirapan, sapagka't sumapit na sila sa



*Ang isang buwig ng ubas ay napakalaki, anopa't kinailangan ang dalawang katao upang usungin yaon sa isang mahabang usungan.*

hangganan sa timog ng Kanaan. Doon ay mabato at maburol, at hindi nila makita ang lupain sa dako roon. Kaya nga nagsihantong sila roon, at nagpasiyang magsugo ng labingdalawang tiktik, isang pangulong lalake sa bawa't lipi, upang tingnan kung ano ang lagay ng lupain at saka magsibalik upang ibalita kung ano ang kanilang nakita. Ang mga lalake ay nagsiyaong tinalaktak ang lupain, hanggang sa kalayu-layuang dako noon, at nagsibalik na panatag. At sila'y nagsipagdala ng mga bungang kahoy na kanilang nakuha roon, magaganda at malalaki. Isang buwig ng ubas ay totoong napakalaki na anopa't dalawang katao ang kinailangang magdala noon na inuusong sa isang usungan.

Sinabi ng mga tiktik na yaon ay mayamang lupain, na inaagusan ng gatas at pulot, at pinasaya nila ang lahat sa pamamagitan ng kanilang balita. Datapuwa't sinabi rin nila na may malalaking bansa na nagsisitira doon sa malalaking siudad na nakukutaan ng mataas na "umaabot sa langit," at doon ay may mga higante, at naranasan nilang sila'y katulad lamang ng mga balang sa paningin ng mga higanting yaon. Kaya sinabi ng sampu sa mga tiktik na hindi maaagaw ng Israel sa mga higante ang lupaing yaon, at hindi na kailangang subukin pang agawin. Datapuwa't dalawa sa kanila, sina Kaleb at Josue, ang nagsipagsabi na bagaman ang mga taong nagsisitira doon ay malalakas ay tutulungan sila ng Panginoon upang malupig nila ang lupaing iyon ng mga higante, at niyakag nila na ang lahat ay magpakatapang at umahon, at magtiwala sa Panginoon na ibibigay sa kanila ang lupain gaya ng Kanyang ipinangako.

Datapuwa't pinaniwalaan pa ng Israel yaong sampu sa halip noong dalawa lamang, at sila'y nagsimulang nagsiiyak at nagpanaghuyan, at nangagalit kay Moises dahil sa sila'y dinala dito, na inibig pang sila sana'y nangamatay na sa Ehipto o sa ilang kaya; at sinabi nila na hindi sasa-

lang mangamamatay ang kanilang mga anak doon sa katakottakot na lupaing iyon. Kaya nga nagsibangon sila at sinabing sila ay maghahalal ng isang puno na siyang papatnugot sa kanilang pabalik sa Ehipto. Sina Moises, Aaron, Kaleb at Josue, ay nagmadaling naparoon sa kanila at sinikap na sa kanila'y ipakilala kung papanong madaling sila ay makakaahon at makuha ang lupain. Nnuni't hindi sila pakinggan ng hibang na karamihan at nagsidampot ng mga bato upang sila'y pagpapatayin.



*Ayaw silang dinggin ng hibang na karamihan na nagsidampot ng bato upang sila'y patayin.*

Datapuwa't biglang dumating ang maningas na apoy buhat sa Dios at napigil sila. At sinabi ng Dios kay Moises na kanyang papatayin silang lahat doon din, at si Moises na lamang ang gagawing isang malaking bansa. Datapuwa't ang lalaking si Moises ay bumangon sa dakila

niyang espiritu at nanalanging maningas sa Dios na iligtas ang bayan. Ipinangako ng Dios na gagawin nga ang gayon, datapuwa't sinabi Niya na yamang inibig nilang sila ay magbalik at mamatay sa ilang, ibibigay Niya sa kanila ang kanilang ibig. Sila'y kinakailangang magsibalik, at maglagalag sa lupaing basal sa loob ng apat na pung taon, hanggang sa ang lahat ng higit sa dalawampung taon ay mamatay, maliban kina Kaleb at Josue; at ang kanilang mga anak, na anila'y mangamamatay sa ilang, ang siyang papasok upang magari ng mabuting lupain.

Nang madinig nila kay Moises ang sinabi ng Dios, nangalungkot sila, at nahahanda noong umahon at makipagdigma. Sinabi ni Moises sa kanila na sila'y mangatatalo, nguni't ayaw nila siyang pakinggan. Sa madaling pagahon nila sa mga burol, sila'y sinalubong ng mga lalaking bihasang makidigma. Natalo sila ng isang masamang pagkatalo at libolibo sa kanila ang nangabuwal sa harap ng kaaway. Wala ng marapat gawin ang buong hukbo kundi ang pumihit, na siya nilang ginawa na taglay ang mga pusong may kapaitan.



# Apat na Pung Taon na Nakaiinip

*Ikasampung Kabanata*

PUMIHIT ang bayang Israel at tumalikod sa lupang pangako na may sugat ang puso; at, dahil sa gayong damdamin, hindi sasalang magsisipagreklamo sila ng higit kaysa nakaraan, at ibig pa nilang gumawa ng kahi't ano huwag na lamang silang mangamatay sa ilang, gaya ng sinabi ng Dios. Hindi nga natagalan at nagkaroon na naman ng gulo sa kalagitnaan nila. Isang lalaking Kore ang pangalan pinsan ni Moises, at dalawa pang, Datan at Abiram ang pangalan, ay lihim na nagpanukala na agawin kay Moises ang pangungulo at bayaang piliin ng bayan kung ano ang kanilang ibig gawin. Muli nilang nilimot na ang Dios at hindi si Moises ang nangungulo, sapagka't ang alapaap ang siyang nagdala sa kanilang pabalik sa ilang.

Kinilos ng mga lalaking ito ang bayan, pinapaniwala ito na sila ay kasing buti rin naman ni Moises at hinila niya (ni Moises) ang kanyang sarili upang panguluhan sila at dalhin sila sa sirang lupain upang mangamatay, at saka kukunin ang lahat nilang mga pagaari. Pagkatapos ay lumapit sila kay Moises at sinabi nila dito na ang mga Israelita ay hindi na magsisisunod sa kanya. Matutuwa sana ng gayon na lamang si Moises na ilagay ang kanyang gawain doon sa lugar na iyon at magbalik na siya upang mangalaga ng tupa. Datapuwa't tinawag siya ng Dios at hindi niya maibaba ang pasan. Sa kanyang kabagabagan ay nagpatirapa siya, at tumawag na humihingi ng tulong sa Dios.

Pagkuwa't sinabi niya: "Titingnan natin ngayon ang bagay na ito, at bayaan natin na Dios ang magpasiya kung sino nga ang pangulo. Sinabi ng Dios na ang mga saserdote lamang ang maghahanda sa harap ng Panginoon ng kamangyan sa suuban. Kayong lahat na ibig

maging pangulo, dalhin ninyo rito ang inyong suuban bukas at maghandog kayo ng kamangyan, at tingnan natin kung sino ang pipiliin ng Dios.'' Sa kinabukasan, dalawang daan at limampung pangulo ang naparoon na may dalang suuban, at tatlong pinakapangulo sa kanilang lahat ang nangunguna. Sa gayon ay sinabi ni Moises sa boong bayang nakatayo roon: ''Humiwalay kayo sa mga taong ito: kung sila'y mangamatay ng karaniwang kamatayan ng lahat ng tao, ay hindi nga ako sinugo ng Dios; datapuwa't kung bumuka ang lupa at sila'y lamunin, sa gayon dapat ninyong matalastas na sila'y hindi pinili ng Dios.''



*Bumuka ang lupa at nagkaroon ng isang malaking guwang.*

Karaka-raka'y isang malaking lungga ang bumuka sa lupa, at si Kore, Datan, at Abiram, pati ng kanilang mga sambahayan ay nangahulog doon na sumisigaw ng kalagimlagim; at bumaba ang apoy mula sa Dios at sinunog ang dalawang daan at limampung mga pangulo. Binigyan sila ng Dios ng sapat na pagkakataon na mangalungkot sa kanilang pagkakasala at gumawa ng matuwid, nguni't aayaw sila. At kahi't na nangyayari ang lahat ng mga nakapanghihilakbot na bagay na ito, gayon man marami sa bayan ang aayaw kumatig kay Moises, kundi sinisisi pa nga dahil sa pagkakapatay na iyon. Nguni't nagpasimula sa kanila ang pagtubo ng malubhang sakit at marami ang nangamatay.

Upang malutas kung sino ang magiging saserdote at pangulo, sinabi ni Moises sa bawa't isang pangulo ng lipi na dalhin ang kanyang tungkod, at iwang kasama ng tungkod ni Aaron sa magdamag sa harapan ng Panginoon sa loob ng santuaryo. Ang kaninomang tungkod na bumuko at mamulaklak sa loob ng magdamag na iyon, siya ang magiging saserdote. Kinaumagahan ng kanilang tingnan, ang tungkod ni Aaron ang namuko, namulaklak at namunga ng ilang almendras, isang uri ng nues. Kaya nga ang bayan ay nasiyahan sa bagay na iyon.

Sa kanilang paglalakbay na ito sa ilang lumapit ang isa at siya lamang kapanahunan na si Moises ay nakagawa ng mali sa kanyang pagkapangulo. Maaalaala ninyo na ng sila'y bigyan ng Dios ng tubig na maiinom ay sinabi Niya kay Moises na paluin ang bato ng kanyang tungkod at ang tubig ay lumabas. Ang batong iyon ay si Jesus na Siya na ring nagsabi na Siya ang tubig ng buhay. Minsan Siyang hinampas ng tao, pinatay Siya, at sa pagkamatay ay nailigtas Niya tayo sa ating mga kasalanan. Ibig ipakilala ng Dios sa bayan na ang Batong ito, bagamang minsan lamang hampasin, pagkatapos nito'y magsalita na lamang doon at maglalabas na ng tubig, gaya na-

man ng ating pananalangin na lamang kay Jesus ngayon at nagtatamo na tayo ng tulong.

Nang halos matatapos na ang apat na pung taon at natatanaw na naman nila ang lupang pangako, ang kanilang tubig na iniinom ay huminto na ng pagagos. Ibig ng Dios na sila'y subukin. At, tunay nga, sila'y nagsimula na namang magsidaing, at sinabi na naman yaong dating mga bagay na nakapopoot kay Moises. Higit na sa makakaya ni Moises na isipin na ngayon ay hindi sila makapagtiwala sa Dios na nagbigay sa kanila ng tubig sa loob ng apat na pung taon. Matandang matanda na siya, at totoong pagod na pagod na sa matagal na paghihintay. Sinabi ng Dios sa kanya na pumaroon sa bato,



*Umakyat sa isang bundok na malapit.*

at magsalita doon, at lalabas na ang tubig. Nguni't nagagalit si Moises sa bayang matigas ang ulo, at sinabi niya: "Pakinggan ninyo ngayon, mga mapaghimagsik, kailangan bagang ikuha namin kayo ng tubig sa batong ito," at kanyang hinampas ang bato ng kanyang tungkod. Lumabas ang tubig, nguni't sinira ni Moises ang magandang leksion para sa Israel at para sa atin.

Ang dakilang pangulo,na matiisin at maamo sa loob ng maraming taon ay nawalan ng pagtitiis na minsan lamang. Ang pangulo, higit sa mga nagsisinunod, ay dapat magdusa sa kamalian nilang nagagawa, sapagka't ang kanilang halimbawa ay totoong mahalaga. Sapagka't binigyan niya ng pagkakataon ang mga madaingin upang makakuha ng pagkakamali sa kanya, at sapagka't sa pamamagitan ng kanyang ginawa ay nagpakita siya ng maling larawan ni Jesus, pinagsabihan ng Dios si Moises na siya (si Moises) ay hindi makapapasok sa lupang pangako. Mangyayaring makita lamang niya, nguni't hindi makapapasok. Matinding dagok yaon, sapagka't sa buong buhay niyang may isang daan at dalawampung taon na, ay nilunggati niyang matamasa ang lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot. Ang kanyang kasalanan ay hindi kasing sama ng pagkakasala noong ibang hindi pinahintulutang makapasok; nguni't siya at si Aaron na kasama niya sa pagkakasala ay tinanggap ang sinalita ng Dios, at alam nila na yaon ay kapalarang nasa matuwid.

Sa halip na sila'y dalhin sa dakong timog na lupain ng Kanaan upang pumasok sa kinabiguan nila noong una, pinatnubayan ngayon ng Dios ang Kanyang bayan sa tabing silangan ng lupain na ang pinakahanggahan ay ang ilog ng Jordan. Isang araw, sa daan, sinabi ng Dios kay Moises at kay Aaron at sa panganay na anak nito, na umakyat sa bundok na malapit sa kanila. Samantalang sila ay naroroon, hinubad ni Moises ang damit pagka-

saserdote kay Aaron, at saka isinuot sa anak nito, upang ipakilala na ang anak ang siyang hahalili sa kanya. Pagkuwa'y namatay si Aaron sa bundok, at inilibing siya ni Moises at ng kanyang anak doon, at pagkatapos ay bumaba na sa bayan. Sa loob ng maraming araw ang mga Israelita ay tumangis ng dahil kay Aaron.

Matapos na makipagdigma sa ilang ng mga bansa na nakatira sa silanganan ng Jordan na ayaw magparaan sa kanila, ang mga manglalakbay, sa wakas ay humantong sa tabi ng ilog, malapit sa luwasan, na dakong itaas lamang ng Dagat na Patay. Kinailangan na sila'y maghintay doong kaunting panahon bago sila mahandang tumawid.

Samantala, ang mga bansang tumitira sa Kanaan ay natakot ng gayon na lamang sa Israel ng kanilang makita ang mga kahangahangang bagay na ginawa ng Dios para sa kanila, at kung papaano tinulungan Niya sila na puksain ang kanilang mga kaaway. Pinagsikapan nila ang lahat ng kaparaanan na kanilang nalalaman upang mapigil nila ang hukbo sa pagtawid sa ilog. Isang hari, si Balak, ang sa wakas ay nakaisip ng isang panukala upang sila ay mahadlangan. Kukuha siya ng isang taong makasusumpa sa kanila, at sa gayon ay mabigyan sila ng masamang kapalaran. Nagsugo siya ng mga alipin na may dalang kaloob (regalo) upang tawagin ang isang lalake na ang pangalan ay Balaam upang siyang sumumpa. Si Balaam ay naging tunay na lalaki ng Dios, nguni't umiibig siya ng malabis sa salapi na anopa't lumiko siya sa masamang daan, gayon man ay natatakot pa rin siya sa Dios.

Nang siya ay tawagin ng mga lalaki upang sumpain ang mga Israelita, at ng makita niya ang kanilang ginto, ibig na ibig na niyang pumaroon, upang kanyang matamo ang salapi. Sinabi niya sa mga lalaki na kailangan muna niyang itanong sa Dios, bagaman alam niyang talaga na hindi ibig ng Dios na sumpain niya ang Kanyang bayan.

Nang makita ng Dios na sa paano't papaano man ay lalakad din siya, sinabi niyang yumaon siya, datapuwa't huwag lamang magsasalita ng anomang bagay kundi yaon lamang ilalagay ng Dios sa kanyang bibig. Ang mga lalaking naparoon sa kanya upang siya'y tawagin ay nangainip na sa paghihintay at nagsiuwi na; nguni't si Balaam ay sumakay sa munti niyang asno at sumunod sa kanila.

Ang Dios ay napoot dahil sa kanyang pagsunod, kaya nga nagsugo ng isang anghel upang tumayo sa tabi ng daan. Nakita ng asno ang anghel, nguni't hindi nakita ni Balaam. At ng ang asno ay lumiko na papuntang parang, at pagkuwa'y naligis ang isang paa ni Balaam ng maipit sa isang pader na bato, ay pinalo ng nagagalit na lalake ng malakas ang asno. At nang paroon na naman ang anghel, nakita na ni Balaam, at natakot na mainam. Bagaman hindi niya ibig ay humandog siyang magbabalik;



*Hinampas ng malakas ng lalaking nagagalit ang asno.*

datapuwa't sinabi ng anghel sa kanya na magpatuloy, at siya'y magsasalita ng mga salita lamang ng Dios.

Nang matanaw na ni Balaam ang kampamento ng Israel, sinalubong siya ni Balak, at sinabi nito sa kanya ang lahat ng ibig nitong kaniyang gawin. Datapuwa't bagaman makaitlong sinikap ni Balaam na sumpain ang Israel, ay pinagpapala niya kahi't sa tuwina'y hindi niya ibig na ito ang gawin at si Balak ay galit na galit na at sinabi sa kanyang umuwi na sa kanila.

Datapuwa't sinabi ni Balaam sa mga kaaway ng Israel kung ano ang lalong mabuting paraan upang sila ay masaktan. Sinabi niya na hindi sila tutulungan ng Dios kung sila ay magkasala at labagin ang Kanyang kagustuhan. Kaya nga ang pinakamabuting paraan upang sila ay maihiwalay sa Dios ay ang mapagawa ng kamalian, at sumamba sa ibang mga dios. Kaya nga ang kaaway ay nagsugo ng magaganda nguni't napakasasamang babae at mga lalaking nakikipagkaibigan sa gilid ng kampamento, at inanyayahan ng mga tao ang mga lalake at babae ng Israel na paroon sa kanila at makipagsaya sa isang pista. At marami sa kanila ang naparoon, at hindi natagalan at nakita nilang sila ay nagsisiyukod sa mga hindi tunay na dios, at gumagawa ng iba pang mga bagay na masasama. At nagalit ang Dios sa kanila, at nagpadala ng mga sakit sa kanilang hanay, at libolibo ang nangamatay. Mga panalangin lamang ni Moises ang nakapagligtas sa mga iba.

Sa panahong ito'y nasubok na ng Dios ang bayan na sila'y mapagkakatiwalaan ng pumasok sa Kanaan. Lahat ng sinabi Niyang mangamamatay sa ilang ay nangamatay na. Sa loob ng apat na pung taon ay Kanyang sinanay ang mga anak na nagsisilaki sa pagtitiwala sa Kanya upang gumawa ng ibig Niya na kanilang gawin. Ang mga taong iyon ay katulad ng mga araw ng pagaaral, at ang ilang leksion na kanilang natutuhan ay hindi nila

nalimutan kaylan man. Ang isa sa mga leksiong ito'y kung alin kayang araw sa sanglinggo ang Sabadong kapangilinan, at ang paraan ng pangingilin nito. Mahigit na isang milyon sila ng panahong iyon, at sa loob ng daan daang taon mula noon ay nagsipangalat na sila sa ibabaw ng sanglibutan, at mayroon na ngayong maraming milyon ang kanilang bilang. Tinatawag natin silang Hudio ngayon, at sa bawa't lupain sila'y nakahiwalay na parati sa ibang mga tao. Nguni't tanungin ninyo ang isang Hudio, saan man ninyo siya masumpungan,—Sa Europa, Tsina, India, Amerika, o saan man,—kung aling araw ang Kapangilinan ng Panginoon niyang Dios, at kanyang sasabihin sa inyo na ang ikapitong araw na karaniwang tawagin ngayong Sabado. Kahi't isa sa kanila ay hindi nakalilimot ng pagbilang.



# Ang Pagkamatay ni Moises

*Ikalabing Isang Kabanata*

SA GULANG na isang daan at dalawampung taon si Moises ay malakas pa at mabuti ang pangangatawan, at siya ay nakakakita at nakadidinig na gaya rin ng dati. Mangyayari niyang mapatnugutan ang hukbo ng Israel sa pagtawid sa ilog ng Jordan at masakop ang lupain para sa kanila; datapuwa't sinabi ng Dios na dapat siyang mamatay. Mapanglaw ang mga huling kaarawan niya, gayon man ay marami siyang dapat gawin. Pinili niya si Josue na maging pangulo na kahalili niya. Kanyang kinausap ang bayan tungkol sa lahat ng napagdaanan nila mula ng kanilang lisanin ang Ehipto, at ang mga aral na ibig ng Dios na kanilang matutuhan. At kanyang isinulat ang lahat ng iyon sa mga aklat. Sa katotohanan, sa boong buhay ni Moises, ay isinulat niya ang buong kasaysayan ng sanglibutan mula sa panahon ng paglalang hanggang sa kanyang kapanahunan, at mababasa ngayon iyan sa *unang limang aklat ng Biblia.* Iyan lamang ang tunay na kasaysayang mababasa natin tungkol sa mga unang panahong iyon.

Si Moises ay dakila rin namang tagapagbigay utos, bukod sa siya ay isa sa pinakadakilang mga pangulo na nakilala ng sanglibutan. Sumulat siya ng mga awit at mga tula. Nagbigay siya ng mga hula tungkol sa mangyayari pagkaraan ng matagal na panahong patay na siya. Sinabi niya sa Israel kung ano ang kanilang dapat gawin sa kanilang pagsakop sa lupain ng Kanaan para sa kanilang sarili. Higit sa lahat ay sinabi niya sa kanila na tuparin ang kautusan ng Dios at ng sila'y maging dakila at mabuti at masayang bayan na parati. Ang mga huli niyang salita kay Josue ay ito: "Ikaw ay magpakalakas at magpakatapang; sapagka't iyong dadalhin ang angkan

ni Israel sa lupaing ipinangako ng Dios sa kanila; at ang Dios ay sasaiyo."

Sa wakas ay dumating ang araw na kanyang iyayaon. Sinabi ng Dios na siya'y sumampa sa bundok ng Nebo na nagiisa, at doon siya mamamatay. Taglay ang malaking kalungkutan nang nilisan niya ang nagkakatipong bayan, at may tapang na sumalunga sa bundok, isang matandang mapanglaw, na ang gawain sa buong buhay ay tapus na. Gayon man siya ay hindi nagiisa, sapagka't naroroon ang Dios upang parangalan ang matapat Niyang lingkod. Siya ay may natataang mga dakilang bagay sa marangal na taong ito na naging maamo at matiisin sa mahabang panahon.

Nang dumating sa tuktok ng bundok, matagal siyang naupo at tinutunghayan ang magandang lupain na ipinangako. Halos ang kabuoan noon ay kanyang nakikita sa kanyang kinalalagyan, ang Malaking Dagat sa kanluran



*Marahang pinagsaulan niya sa kanyang isip ang mga panoorin sa buo niyang buhay.*

na bahagya ng maabot ng tanaw, ang Bundok ng Hermon sa malayo sa hilagaan, ang ilang sa timugan na pinaggugulan niya ng pinakamabubuti sa kanyang mga taon, at ang mga burol at mga kapatagan, at mga gubat at mga ilog, mga siudad at mga bukid ng magandang lupaing iyon na matagal niyang inasa-asahang tatahanan, gayon man ay hindi niya mayayapakan ang lupa noon.

Mahinang pinagsaulian niya sa pagiisip ang mga panoorin sa buo niyang buhay. Kahi't na siya nagkakamali. kahangahanga ang pagkapagpala sa kanya ng Dios. At bagaman siya ay hindi papasok sa lupain, may pangako sa kanya ang Dios na buhay na walang hanggan kapag ang lupa ay binago na. Nakita niya hanggang sa kawakasan ng lahat ng bagay sa sanglibutang ito, at naaliw ang kanyang puso na maalaman na balang araw ang lahat ng kasalanan at kamatayan ay mawawala na.

At pagkatapos, gaya ng isang taong humihiga upang matulog na mapayapa, siya ay nahiga at namatay. At sinasabi ng Biblia na siya ay inilibing ng Dios doon sa bundok, at wala sinomang tao na nakakuha kung saan kaya narooon ang kanyang libingan. Pinarangalan siya ng Dios ng higit kaysa kanino mang tao na nabuhay, sa bagay na Siya na rin ang naglibing, samantalang ang mga anghel ang nagsisunod sa hanay ng libing.

Datapuwa't ang kamatayan ni Moises ay hindi siyang wakas. Mayroon pang higit na kahangahanga sa nagawa na ng Dios noong una ang gagawin na Niya ngayon. Bagaman sa ikabubuti ng kanyng bayan at sa aral na ituturo noon, mabuti na si Moises ay mamatay, gayon man ay hindi iiwan ng Dios siyang matagal sa libingan. Makaraan yaon, hindi natin alam kung gaanong katagal, si Jesus ay bumaba mula sa langit at binuhay si Moises mula sa mga patay Si Moises ang kaunaunahang tao na nagbalik buhay sa libingan. Si Satanas ay naroon din,

upang pigilin si Jesus para huwag buhayin si Moises kung makakaya lamang. Sapagka't sinasabi ni Satanas na sinabi ng Dios na ang bawa't isa na nagkasala ay mamamatay, at ang Dios ay walang karapatang buhayin ang sinomang makasalanan. Datapuwa't darating ang araw na si Jesus ay paririto sa lupang ito upang mamatay sa halip ng tao, upang mangyari na ang mga patay ay mabuhay na maguli; at si Moises ay isang halimbawa kung papaano na ang lahat ng mabubuting tao na namatay ay bubuhayin buhat sa kamatayan pagparito ni Jesus sa ikalawa. Kahi't na sinikap ni Satanas na hadlangan, kinuha ni Jesus si Moises sa libingan at dinala sa langit. Makaraan ang maraming taon, nang si Jesus ay naririto



*Sina Moises at Elias ay naparoon upang makipagusap kay Jesus at sa Kanyang mga alagad.*

sa lupa na isang tao, si Moises at si Elias,—itong huli ay dinala sa langit na di nakakita ng kamatayan—ay bumaba sa bundok at nakipagusap kay Jesus at sa tatlo sa Kanyang mga alagad. At ngayon, si Moises ay nasa langit na buhay, samantalang ang iba na nangamatay ay nangasa libingan pa rin nila at naghihintay hanggang sa huling araw pagparito ni Jesus at tawagin silang lahat upang bumangon.

Dapat nating igalang si Moises, isang lalaking inibig ng Dios. Mangyayari sanang siya ay maging hari sa Ehipto, na pinakadakilang bansa sa lupa noon. Datapuwa't kung siya ay naging hari nga, hindi sasalang siya ngayon ay isa lamang patay na embalsamado at may balot, na gaya baga ng nahuhukay ng mga tao ngayon sa mga matatandang libingan doon sa mga lugar na iyon at ipinakikita sa sanglibutan, — isa lamang bigkis na mga basahan at mga buto at natuyong laman. Datapuwa't hindi, mahirap nga kung sa bagay ng panahong iyon, subali't kanyang pinili pa ang maghirap na kasama ng bayan ng Dios kaysa magtamasa ng mga kalayawan ng kasalanan sa loob ng maikling panahon. Bilang ganting pala siya ay nabubuhay ngayon na kasama ng Dios at ni Kristo at ng mga anghel, at mabubuhay magpakaykaylan man.



